# Daluyong ng Bayan

## MGA MARTIR SA HANAY NG NAKIKIBAKANG MAMAMAYAN SA TIMOG KATAGALUGAN SA PANAHON NG PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE 2016-2022




ABRIL 2023

NDFP-ST | KARED-TK

# Daluyong ng Bayan

## MGA MARTIR SA HANAY
## NG NAKIKIBAKANG MAMAMAYAN
## SA TIMOG KATAGALUGAN
## SA PANAHON NG PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE
## 2016-2022

ABRIL 2023
NDFP-ST | KARED-TK

*Buhay at pakikibaka. Mga kwento ng pagdakila at pag-alaala.*

*Inihanay ang mga martir mula sa hanay ng nakikibakang mamamayan sa buong rehiyon — mga lider at aktibistang masa sa kalunsuran at kanayunan, at mga alyadong nagbuwis ng buhay para sa pambansang demokrasya. Mula sa CALABARZON at MIMAROPA, ang pagkakasunud-sunod ng talaan ay batay sa taon kung kailan sila namartir.*

*Ang aming pagpupugay!*

*Para sa pamilya, mga kaibigan at kasama*
*ng mga dakilang martir ang librong ito.*

Sa paligid niya ang matatayog at matatandang punongkahoy,

ang kagubatan ng Sierra Madre.

Bilin ng dakilang Asedillo:

> “Tayo ang mga punongkahoy ng kagubatang ito.
> Tulad ng lahat ng bagay, tayo ay mamamatay
> Ngunit ang kagubatan tulad ng ating layunin
> ay mananatili. Sa ating bukas ay muling sisibol
> Sampung binhing papalit sa atin."

# NILALAMAN


Pambungad ....................................................................... 7

CALABARZON ....................................................................... 8

Dorris Cuario ....................................................................... 9
Pangulong Merly Valguna ....................................................................... 13
Rodora Mallari ....................................................................... 13
Gilbert Bancat ....................................................................... 14
Angel Carabot ....................................................................... 14
Burgos Idaño ....................................................................... 15
Lito Casalla ....................................................................... 16
Dr. George R. Repique, Jr. ....................................................................... 17
Edgar Tambien ....................................................................... 18
Ingracio delos Reyes ....................................................................... 19
Almario Alcaraz ....................................................................... 20
Nanay Fe delos Santos ....................................................................... 21
Kapitan Domingo Ruedas ....................................................................... 22
Reynaldo "Ka Mazda" Malaborbor ....................................................................... 24
Kapitan Froilan "Kawing" Reyes ....................................................................... 27
Armando Buisan ....................................................................... 29
Vilma Salabao ....................................................................... 30
Wesley Obmerga ....................................................................... 30
Carlito Zonio ....................................................................... 30
Jonathan Alberga ....................................................................... 30
Niño Alberga ....................................................................... 30
Rommy Torres ....................................................................... 35
Emmanuel "Manny" Asuncion ....................................................................... 36
Ariel Evangelista ....................................................................... 39
Chai Lemita Evangelista ....................................................................... 39
Melvin "Greg" Dasigao ....................................................................... 41

Mark “Makmak” Bacasno ........................................................................................41
Randy “Pulong” Dela Cruz ......................................................................................42
Puroy Dela Cruz......................................................................................................42
Abner Mendoza Esto ...............................................................................................43
Edward Mendoza Esto .............................................................................................43
Dandy Miguel ..........................................................................................................44
Eddie Billones..........................................................................................................47

MIMAROPA..............................................................................................50

Arnel Figueroa .........................................................................................................51
Ronnie Magbitang Panado ......................................................................................52
Erning Aykid ...........................................................................................................53
Aylan Lantoy............................................................................................................56
Victorino “Jun” Estrella...........................................................................................57
Chairman Pangon Danio..........................................................................................59
Rustom Simbulan.....................................................................................................60
Omeng Kahelo.........................................................................................................61
Aga ...........................................................................................................................62
Boyet Yasay..............................................................................................................63
Frentes Gutierrez.....................................................................................................64
Mark Ederson V.  delos Santos ..............................................................................65
Amado Khaya Canham Rodriguez.........................................................................67
Badoy dela Cruz ......................................................................................................74
Antonio Molina........................................................................................................75
Nardo Alcantara ......................................................................................................78
Roberto Hallig .........................................................................................................82
Manuelito Matricio .................................................................................................84

# PAMBUNGAD

Dumaluyong sa buong bayan ang mga sigaw, hinaing at paniningil ng mga unyonista, lider-masa, aktibista, kritiko, tagapagtanggol ng karapatang-pantao, tunay na lingkod-bayan at marami pa laban sa diktador, pasista, korap, pabaya at tutang rehimeng US-Duterte. Sa halip na tugunan ang ingay ng kumakalam na sikmura, pinili ng reaksyunaryong estado na patahimikin ang hanay ng nakikibakang mamamayan sa pamamagitan ng walang-awang pagpaslang at panunupil sa loob ng kanyang anim na taong pasista-teroristang paghahari.

Dinadakila at pinagpupugayan ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang mga mamamayang pinaslang ng rehimen sa rehiyon, gayundin ang mga nasawi sa karamdaman habang buong-pusong naglilingkod sa sambayanan. Bahagi ng pagdakila sa kanilang inialay na buhay at bilang pagsalubong sa ginintuang anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines ngayong Abril, inilalathala ng NDFP-Southern Tagalog at Kagawaran sa Edukasyon-Timog Katagalugan (KARED-TK) ang librong Daluyong ng Bayan: Mga Martir sa Hanay ng Nakikibakang Mamamayan sa Timog Katagalugan sa Panahon ng Pasistang Rehimeng US-Duterte. Magsisilbi rin itong isang simbolo ng paniningil ng mamamayan sa rehimeng US-Duterte.

Bagama't hindi sapat ang aklat na ito upang ilahad ang kabuluhan ng kanilang buhay at pakikibaka, sinikap na panimulang tipunin ang mga pangalan at talambuhay ng mamamayang naging bahagi ng malawak na kilusang masa at nagsilbing boses upang ipanawagan ang katarungan, kalayaan, karapatan at kabuhayan ng mamamayang Pilipino laban sa tiraniya ng rehimeng US-Duterte. Bukas ang librong ito sa mga karagdagang impormasyon na maiaambag ng mga mambabasa.

Nagwakas man ang termino ng mamamatay-taong si Rodrigo Duterte, hindi titigil ang paniningil ng taumbayan at paggigiit ng hustisya para sa pinaslang ng kanyang rehimen. Magpatuloy man ang kultura ng impyunidad sa ilalim ng mga anak ng diktador na sina Ferdinand Marcos, Jr. at Sara Duterte, higit na hihigpit ang pagkakaisa ng sambayanang nakikibaka upang pabagsakin ang kanilang magiging pasistang paghahari.

Nakaukit na ang gintong puntod ng mga bayaning martir sa rehiyon at buong bansa sa puso at alaala ng lahat ng mamamayang kanilang pinaglingkuran. Magsisilbi silang inspirasyon upang patuloy na palakasin at padagundungin ang daluyong ng pagmartsa ng bayan tungo sa pagkakamit ng tunay na hustisyang panlipunan.

National Democratic Front of the Philippines — Southern Tagalog (NDFP-ST)
Kagawaran sa Edukasyon — Timog Katagalugan (KARED-TK)
Abril 2023

# CALABARZON





# Dorris Cuario

2016 Hunyo 23

Binigyang-pugay ng mamamayan si Kasamang Dorris Cuario, ang dating pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Southern Tagalog, na pumanaw noong madaling araw ng Hunyo 23 dahil sa sakit na *leukemia*.

Higit isang dekada nang nakikipaglaban si Ka Dorris sa kanyang karamdaman. Sa kabila nito, iniambag niya ang kanyang natitirang lakas at panahon sa paglilingkod sa mamamayan. Patunay nito ang bumuhos na pakikiramay ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang mamamayan na kanyang natulungan at nakasama.

Ayon sa pahayag ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan (KRTK): *Mas malala ang sakit ng lipunang Pilipino na nangangailangan ng kalunasan. Sa kamalayan ni Ka Dorris, napakaikli na ng kanyang buhay na mailalaan sa paglilingkod sa sambayanan.*

*Ginawa niyang makabuluhan ang bawat sandali. Hindi niya sinayang ang bawat pagkakataong mayroon siya upang ipadama sa ating lahat ang kanyang pagmamahal at pagkalinga. Niyakap niya nang buong puso ang mga dusta at api. Matiyaga silang iminulat, inorganisa at sumama sa mga pagkilos nila upang ipaglaban ang hustisyang panlipunan….*

*Nakaukit na sa rebolusyonaryong kasaysayan ang dakilang ambag ni Kasamang Dorris Cuario kasama ang mga naunang martir at bayani ng rebolusyon at sambayanan. Ang pagdadalamhati ay ibaling sa ibayong rebolusyonaryong katapangan at kapasyahang patuloy na paglingkuran ang sambayanan. Gamitin nating inspirasyon ang kanyang buhay at tularan ang kanyang walang pag-iimbot na paglilingkod at pagmamahal sa rebolusyon at sambayanan.*

## *Salaysay ni Nag-aalimpuyong Alikabok:*

Kaliwa't-kanan ang mga welga sa mga pagawaan at sa mga *bus lines* gayundin sa mga unibersidad at pamantasan. Sa isang pagawaan sa Asia Textiles ko nakilala si Dorris Cuario. Marubdob siyang nakikibaka para sa karapatan sa paggawa at kami namang mga kabataang-estudyante ay nakikipagbigkis ng aming nagbabagang lakas sa mga batayang sektor. Lagi kaming laman ng mga kalsada, welga, *rally*, *bus hopping*, *quick-response team* (QRT), *fact-finding mission* (FFM) at *exhumation*.

**Si Kasamang Dorris**

Lumala pa ang kalagayan sa paglabag sa karapatang tao noong 2005-2006 nang makapagtala ang Karapatan ng isa kada araw na biktima ng EJK. Matapang itong kinaharap ng mga naiwan ni Eden at isa na rito si Dorris.

Si Dorris, sa kabila ng kanyang karamdaman, ay magiting na humarap sa hamon at pamanang iniwan ni Eden. Bukod sa patuloy na pagbabanta ng estado at mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista, lumubha rin ang kanyang leukemia kung kaya't may ilang taon rin siyang pinayuhang magpahinga. Subalit hindi mapigilan ang kanyang di nagmamaliw na kagustuhang maglingkod. Nagpahayag siyang nais niyang gumampan muli ng gawain. Nais niyang ilaan ang natitira niyang panahon para sa kanyang pinaglilingkuran. Inip na inip na siya at nais na niyang muling bumalik sa agos ng pakikibaka. Di niya alintana na maaaring muling lumubha ang kanyang karamdaman.

Hindi mababanaag ang pangamba at sakit kay Dorris dahil siya'y mapagbiro, masayahin at laging handa sa mga kantyawan. At hindi siya umuurong sa harap ng mga kaaway.

Hindi ko malilimutan ang tapang na ipinamalas ni Dorris sa isang QRT na bangkay na pala ng kanyang asawa ang aming daratnan. Malayo pa lamang, tinatanaw na ni Dorris ang nakalabas na paa ng isang bangkay na may takip na kumot. Pinagmamasdan niyang mabuti, at ako naman, pinagmamasdan ko si Dorris.

Nangungusap ang kanyang mga mata at tila nangingilid ang mga luhang handang pumatak. Masama na ang kutob ko hanggang kinumpirma niya at ibinulong sa akin, "Asawa ko nga, pagkakita ko pa lang sa paa alam ko nang siya." Pinipigil niya ang mga luha, hindi niya pwedeng ipakita sa harap ng mga kaaway. Hinarap niya ang mga sundalo at pinangunahan ang QRT. Pagkatapos nito, sa loob ng dyip niya ibinuhos ang lahat, hindi na napigilan ang pagsabog ng kanyang damdamin.

Muli kaming nagkasama ni Dorris nitong mga huling taon ng kanyang buhay sa muli niyang pagsabak sa gawain sa karapatang tao. Ang halos dalawang taon pa niyang iginugol ay punong-puno ng inspirasyon at aral para sa mga bagong aktibista at mga lider na sinasanay. Tumayo siyang mapagkalingang ina, ate, guro ng mga ito. Nagpakita siya ng tamang ehemplo at pinangunahan ang mga QRT, FFM at mga pagkilos.

Hindi mapigilang agos si Dorris sa kanyang muling pagbalik sa pakikibaka. Hindi maitago ang tuwa sa kanyang mukha. Binabalewala niya ang pagod at ang pag-aalala ng mga kasama para sa kanyang kalusugan. Pabiro pa siyang nagagalit at sinasabing kalabaw lang ang tumatanda at nagkakasakit. Batid niyang lumala muli ang kanyang karamdaman



at handa na niya itong harapin at tanggapin… ang kamatayan…masaya siyang mamamatay sa piling ng masang kanyang pinaglingkuran. Natupad ang kanyang hiling na makapaglingkod muli bago siya mamatay.

**Mga pambihirang tagpo**

Ang isa sa mga hindi makakalimutang mga pangyayari bago pumanaw si Dorris ay ang mga nakakatuwang tagpo sa gitna ng tahimik na nagbabadyang kalungkutan. Sa malapit na niyang pagpanaw ay nakuha pa niyang mag-utos habang nakaratay sa ospital. Gumagawa pa ng paraan ang mga kasama niya sa *human rights* (HR) upang maiuwi siya sa kanilang bahay mula sa ospital pero hindi na niya ito mahintay. Siya na mismo ang gumawa ng paraan at inutusan ang naiwang bantay na iuwi na siya. Kulang pa kasi ang pera noon pambayad sa ospital at nag-aayos pa ng ambulansya. Malupit talaga itong si Dorris, ika nga ng mga kasama sa HR, nakaratay na ay namumuno pa!

Nakapagsulat pa siya sa kapirasong papel ng kanyang tila "*last will and testament*." Simpleng-simple lamang para sa isang uring manggagawa na wala namang pagmamay-ari. Ang mga bagay na may halaga sa kanya ang mga nakabilin, ang kanyang aso, ibigay kay ganito, ang mga anak ng kanyang aso kapag nanganak na ay ibigay kay ganito, ganyan at kung kanino pa. Ang debit card ay ibigay sa kanyang apo. May mahigpit din siyang bilin na huwag na siyang tutubuhan (*intubate*) at ire-*revive*. Kapag dumating na ang panahon, bitawan na siya. Ayaw niyang maging pabigat at pagkagastusan pa nang malaki, sadya naman daw may sakit siyang nakamamatay.

Hinarap ni Dorris ang kanyang kamatayan nang walang pagdadalawang-isip. Ika nga niya, aanhin ang isang buhay na walang karamdaman kung hindi naman ito nakalaan para sa mamamayan. DnB

# Merly Valguna
# Rodora Mallari

## 2016 Oktubre 19
## Trece Martires City Market Annex, Cavite

Sina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari ay mga lider ng Trece Martires City Market Annex Association, Inc sa Cavite. Karumal-dumal ang pagpaslang sa kanila sa kanilang itinayong *protest center* sa TMC Market Annex sa Cavite.

Habang abala sa paghahanda sa pagharap sa nakaambang *lockdown* ng palengke, nilapitan ng lalaking nakahelmet ang mga manininda at bigla na lamang nagpaputok ng baril noong Oktubre 19, 2016, ganap na alas-10 ng gabi.

Isinusulong ng mga manininda ng TMC Market Annex Association, Inc. sa pangunguna nina Valguna at Mallari ang pakikibaka laban sa pangangamkam ng lupa, demolisyon, dislokasyon at pribatisasyon ng palengke.

Ayon kay Patnubay de Guia ng NDF-ST, "ipinakikita ng pagpatay sa mga lider-masang sina Valguna at Mallari ang nagpapatuloy na pampulitikang pamamaslang sa kabila ng pagkakaluklok sa bagong gobyernong Duterte. Layunin nitong pugutan ng ulo ang mga organisasyon at takutin ang mamamayan para pigilan ang pagsulong ng kanilang mga pakikibakang masa." *DnB*

# Gilbert Bancat
# Angel Carabot

## 2017 Pebrero 25
## So. Long Beach, Brgy. San Lorenzo, San Andres, Quezon

Pinaslang si Gilbert Bancat ng mga armadong *goons* ng Hacienda Uy sa So. Long Beach, Brgy. San Lorenzo, San Andres, Quezon noong Pebrero 25. Si Bancat ang pinakaunang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa rehiyon sa ilalim ng bagong DSSP Kapayapaan ng AFP.

Nahagip si Angel Carabot, isang magsasaka, ng balang tumama kay Bancat. Dinala si Carabot sa *intensive care unit*, ngunit kinalaunan ay namatay din dahil sa kanyang kritikal na kondisyon.

Bago pa man ang insidente, nagkaroon na ng pagbabanta at pagmamanman sa buhay ni Bancat. Si Bancat ay aktibong lider-organisador at tagasuporta ng mga magniniyog sa Brgy. Camflora na nakipaglaban para sa 75-25 na hatian pabor sa mga magsasaka. Kalahok siya sa mga nakaraang dayalogo sa pagitan ng mga magsasaka at ng may-ari ng Hacienda Uy na si Dr. Vicente Uy, tungkol sa pagpapababa ng upa sa lupa at paggigiit na muling makapagtanim. Nagtagumpay ang kanilang kampanya at nakapaglabas sila ng apat na toneladang kopras (4 *tons*) sa hatiang 75-25 pabor sa mga magsasaka. DnB

# Burgos Idaño

2017 Mayo
So. Umagos, Brgy. Camflora, San Andres, Quezon

Si Burgos Idaño ay kasapi ng progresibong organisasyon ng masang magsasaka at kabilang sa namuno sa pakikibaka ng magsasaka at manggagawang-bukid para sa karapatan sa lupa sa pastuhan ng isang panginoong maylupa sa lugar. Pinaslang si Idaño sa So. Umagos, Brgy. Camflora sa bayan ng San Andres. DnB

# Lito Casalla

2017 Hunyo 3
Brgy. Talibayog, Calatagan, Batangas

Si Lito Casalla ay isang lider at kasapi ng Samahan ng Magbubukid sa Batangas (SAMBAT), taga-Brgy. Talibayog, Calatagan, Batangas. Pinaslang siya ng mga tauhan ni Ramon Ang at militar. Dagdag ito sa patuloy na dumaraming kaso ng pandarahas sa mga magsasaka at mangingisda sa Calatagan na lumalaban sa pangangamkam ng lupa ng Asturias Mining Corporation na pagmamay-ari ng pamilyang Cojuangco at ni Ramon Ang. *DnB*



# George R. Repique, Jr.

2017 Hulyo 11
General Emilio Aguinaldo Medical Hospital, Cavite

Si Dr. George R. Repique, Jr ang Provincial Health Officer ng Cavite at kasapi ng Health Alliance for Democracy. Aktibo siya sa pakikibaka para sa mas mahusay at abot-kayang serbisyong pangkalusugan para sa mamamayan. Pinaslang siya ng mga ahente ng reaksyunaryong gobyerno, kung saan binaril siya sa labas ng General Emilio Aguinaldo Medical Hospital. DnB

# Edgar Tambien

2017 Hulyo 30
Brgy. Magisian, Lopez, Quezon

Si Edgar Tambien ay isang empleyado ng munisipyo at *caretaker* ng sementeryo sa Brgy. Magisian, Lopez. Si Tambien ay kilalang alyado ng progresibong organisasyon ng mga magsasaka sa Lopez na nagsusulong ng kanilang interes sa lupa. Pinaslang siya ng kaaway noong Hulyo 30, 2017. DnB

# Ingracio delos Reyes

2017 Setyembre 3
Brgy. Talibayog, Calatagan, Batangas

Si Ingracio Delos Reyes ang *vice president* ng Samahan ng Maliliit na Mangingisda at Magsasaka sa Calatagan (SMMMC), magsasaka at mangingisda na taga-Brgy. Baha, Calatagan, Batangas na pinaslang ng mga tauhan ni Ramon Ang ng Asturias Chemical Industries at mga militar. DnB

# Almario Alcaraz

2017 Setyembre 5
Brgy. Talibayog, Calatagan, Batangas

Si Almario Alcaraz ay isang magsasaka sa Brgy. Talibayog, Calatagan, Batangas na pinaslang ng mga tauhan ni Ramon Ang ng Asturias Chemical Industries at mga militar. *DnB*



# Fe delos Santos

2018 Marso 7
Lopez, Quezon

Noong Marso 7, bandang alas-8 ng gabi, pinagbabaril ng mga pinaghihinalaang myembro ng Armed Forces of the Philippines si Gng. Fe delos Santos, 63 taong gulang, sa Lopez, Quezon. Nagtamo siya ng anim na tama sa tiyan. Nadala pa sa ospital si delos Santos pero namatay din kinabukasan.

Si Nanay Fe ay isang sibilyan. Ang tangi niyang kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan ay ang pagiging ina ng isa sa mga kumander ng NPA sa ilalim ng Apolonio Mendoza Command. Hindi lingid sa kaaway na ang anak ni Nanay Fe ay matagal nang kasapi ng NPA sa Quezon. Sa katunayan, marami nang isinampa ang estado na gawa-gawang kaso laban sa kanyang anak.

Nitong huling linggo ng Pebrero, naglunsad ng tatlong matagumpay na taktikal na opensiba ang NPA sa Quezon. Ang una ay ang reyd sa Tumbaga Ranch sa San Francisco noong Pebrero 26, ang ikalawa ay ang ambus sa trak ng sundalo sa General Luna noong Pebrero 27 at panghuli ay ang pang-iisnayp sa CAFGU detachment sa Lopez.

Matapos ang mga ito ay nagsagawa ang kaaway ng malawakang operasyon para tugisin ang mga NPA. Pero hanggang ngayon ay bigo ang AFP na masumpungan ang mga nag-operasyong pulang Hukbo.

Dahil dito, ang ginantihan ng pasistang kaaway ay ang ina ng isang kumander ng NPA.

Ayon sa mga saksi, Marso 6 pa lamang ay may naobserbahan na silang mga lalaking naka-motor na pabalik-balik sa paligid ng bahay ni Nanay Fe. Kinabukasan ng gabi, bumili ng sigarilyo sa tindahan ni Nanay Fe ang isang lalaki. Pagkaabot niya ng binibiling sigarilyo ay binaril siya ng lalaki.

Ang barbarikong pagpaslang kay Nanay Fe ang pinakahuling insidente na nagpapakita ng mersenaryong katangian ng AFP. Ito ng mukha ng Oplan Kapayapaan ng mapaghiganting rehimeng US-Duterte.

Pinapatunayan nitong hindi mangingimi si Duterte sa kanyang bantang "idamay ang pamilya ng mga NPA at lahat ng lumalaban sa kanyang gubyerno." DnB

# Domingo Ruedas

2018 Abril 7
Brgy. Cambuga, Mulanay, Quezon

Si Kapitan Domingo Ruedas, mula sa Brgy. Cambuga, Mulanay, ay kilalang tagasuporta at alyado ng Anakpawis Partylist-Quezon Chapter at muli sanang tatakbo bilang kapitan ng nasabing barangay. Pinaslang siya sa loob ng kanyang pamamahay. Bukod dito, habang nakaburol si Ruedas ay nilooban ang bahay nito at ninakaw ang mahigit P20,000 *cash* na tulong ng mga nakiramay at tatlong *cellphone* ng kanyang mga anak. *DnB*



# Reynaldo Malaborbor

2019 Nobyembre 4
Brgy. Banay-banay, Cabuyao City, Laguna

Mahaba at dakila ang buhay at pakikibaka ni Reynaldo "Ka Mazda" Malaborbor. Ipinanganak noong ika-3 ng Mayo, 1958 sa Calamba, Laguna, nagsimula si Ka Mazda sa kanyang mahabang talambuhay ng pakikibaka bilang tagapangulo ng unyon ng manggagawa sa Robina sa Brgy. San Cristobal, Calamba, sa ilalim ng dilawang pederasyong TUPAS noong dekada '80.

Bagaman nasa dilawang pederasyon, kabilang si Ka Mazda sa progresibong bloke ng mga manggagawa sa TUPAS. Sa huling mga taon ng diktadurang US-Marcos, nagpasya ang blokeng ito na humiwalay sa TUPAS upang itayo ang February Six Movement (FSM). Kinalaunan ay naging opisyales siya ng FSM.

Kahit nanatiling dilawan ang oryentasyon ng FSM, itinaguyod ni Ka Mazda ang linyang pambansa-demokratiko kung kaya't nakatulong si Ka Mazda sa pagtatanim ng pambansa-demokratikong linya hanggang sa pagtransporma sa mga dilawang unyon ng FSM tungo sa tunay, militante at anti-imperyalistang unyonismo, tulad ng mga manggagawa sa Asia Textile Mills at Mark Electronics sa Calamba.

Bago pa ito, isa si Ka Mazda sa mga tagapagtatag ng PAMANTIK, na dati ay isang anti-imperyalista at anti-pasistang alyansa ng manggagawa mula sa iba't ibang mga pederasyon at oryentasyon.

Hindi alintana ni Ka Mazda ang dilawang oryentasyon ng mga unyong ginagalawan niya — ayon na rin sa kanyang sariling karanasan, kinakailangan pa rin ang malawakang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga manggagawa anupaman ang oryentasyon ng unyon.

Labas sa pag-organisa ng mga manggagawa, inabot din ni Ka Mazda ang mga maralitang mamamayan sa komunidad ng kanyang sariling bayan. Nag-organisa siya upang sama-samang labanan ang anti-mamamayang proyekto sa mga tabing riles ng Cabuyao at ilang bayan sa probinsya ng Laguna.

Gumampan din siya ng mapagpasyang papel sa pagsulong ng kilusang magsasaka. Kumilos si Ka Mazda sa mga komunidad ng mga magsasaka sa ika-apat na distrito ng Laguna. Dito niya naranasan ang matinding karahasan mula sa reaksyunaryong estado. Pinagbintangang mga Pulang mandirigma, kinulong siya kasama ng dalawa pang kasama sa Lumban, Laguna noong Oktubre 2010, at napalaya lamang noong Hunyo 2015.

Sa limang taong pagkakapiit, hindi siya nagupo ng anumang kahinaan sa pagkilos. Dinala niya ito maging sa kanyang selda at nag-organisa ng mga preso upang mapakilos para sa kanilang mga karapatan at kagalingan sa loob ng kulungan.

Nang lumaya sina Ka Mazda 2015, hindi rin siya tumigil sa paglaban. Bunga ng ilang dekadang pagkilos at nakamit na pagkakakilanlan maging sa mga pulitiko ng reaksyunaryong gobyerno, nakagampan siya sa pakikipag-alyansa sa mga ito hanggang sa kanyang mga huling sandali.

Mapupulutan ng napakaraming aral ng mamamayan ang buhay ni Ka Mazda. Naging malikhain at pleksible siya sa pagkilos upang maabot at maorganisa ang pinakamarami. Ganap siyang naglingkod sa sambayanan at humanay sa mga proletaryadong yumakap sa pakikibaka ng iba pang uring inaapi't pinagsasamantahan.

Tinuldukan ng mapaniil ngunit desperadong pasistang estado ang buhay ni Ka Mazda. Tatlong punglong duwag sa kanyang ulo, leeg at mata mula sa mga berdugo ang kumitil sa buhay niya.

Subalit, kahit tinuldukan ng tatlong punglong duwag ang kanyang buhay, dito naman nagsimula ang kanyang buhay na walang-hanggan. Kasama niya ngayon sina Diosdado Fortuna, Verleen Trinidad, si Florencio Romano at iba pa sa dambana ng mga dakilang martir ng kilusang paggawa ng Timog Katagalugan.

Hindi iisa si Ka Mazda sa kanyang layunin. Ang mga desperadong pasistang hakbang ng rehimeng US-Duterte na nagtutulak mismo sa lahatang-panig na paglaban, paglakas ng kilusang paggawa, at sa ultimong pagpapabagsak nito.

Sa hindi-kalayuan at sa patuloy na pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan, mararating ng nakikibakang mamamayang Pilipino ang sosyalistang lipunang hinangad din ni Ka Mazda. DnB



# Froilan Reyes

2020 Hunyo 18
Brgy. Longos, Kalayaan, Laguna

Si Kapitan Froilan “Kawing” Reyes ang punong barangay ng San Antonio at presidente ng Asosasyon ng mga Kapitan ng Barangay sa bayan ng Kalayaan, Laguna. Patraydor siyang pinaslang noong ika-18 ng Hunyo 2020, dakong ala-una ng hapon, habang nagmamaneho ng kanyang sasakyan pauwi galing sa pulong na ginanap sa munisipyo ng Kalayaan, Laguna. Ang pagpaslang kay Kapitan Reyes ay panibagong dagdag sa

humahabang listahan ng mga karumal-dumal na krimen ng 1st Infantry Battalion laban sa mamamayan ng Laguna.

Batay sa mga nakasaksi ng karumal-dumal na krimen, solong nakasakay si Kapitan Reyes sa kanyang kotse nang buntutan at sunud-sunod na pinaputukan siya ng dalawang suspek sakay ng isang motorsiklo sa may kahabaan ng kalsada sa Brgy Longos, Kalayaan Laguna. Dahil sa tindi ng mga tinamong tama ng baril sa iba't ibang parte ng katawan, namatay si Kapitan habang ginagamot sa Pagsanjan Medical Center. Nakatakas naman ang mga salarin papuntang Lumban, Laguna.

Siya ay 48 taong gulang at may dalawang anak, huwarang lingkod bayang may mahusay na rekord sa pagiging punong barangay ng San Antonio sa buong panahon ng kanyang panunungkulan. Para sa kanyang nasasakupan, naulila sila ng isang mapagmahal at mapagmalasakit na tunay na lingkod bayan. Wala siyang tigil at kapagurang naghahatid ng tulong sa kanyang mga nasasakupan na nakararanas ng labis na kahirapan at paghihikahos dahil sa ipinatutupad na lockdown ng gobyernong Duterte sa pagharap sa Covid-19 pandemic.

Bukod dito, aktibo rin si Kapitan Froilan Reyes sa pagtatanggol sa karapatang pantao ng mamamayan lagpas pa sa kanyang nasasakupan. Sa matiyaga niyang pagsisikap at matapang na paghahabol ang humantong sa matagumpay na pagpapalaya sa dalawang inosenteng magsasakang inaresto ng 1st IB noong Pebrero 5, 2020. Ang dalawang magsasaka ay nangunguha lamang ng uway nang iligal na arestuhin ng militar at inakusahang mga miyembro ng NPA Laguna.

Ang pangyayaring ito ang nagsilbing huling mitsa sa buhay ni Kapitan Reyes upang paslangin siya ng mga berdugong 1st IB. Bago pa ito, ilang ulit na siyang pinag-initan ng militar dahil sa kanyang konsistenteng pakikiisa sa kahilingan ng mga magsasaka sa lugar at matapang na pagtutol sa militarisasyon sa kanilang barangay kahit sa mahabang panahon ng pamamahinga sa larangan ng pulitika. Nananalaytay sa dugo ni Kapitan Reyes ang magiting na kasaysayan ng mga Lagunenseng tulad ni Teodoro Asedillo sa paglaban sa lahat ng tipo ng pagsasamantala't pang-aapi. DnB

# Armando Buisan

## 2020 Nobyembre 14
## Brgy. Sta. Maria, Catanauan, Quezon

Si Armando "Ka Mando" Buisan, 60 anyos, ay konsehal ng Brgy. Magsaysay, General Luna at tagapangulo ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin (CLAIM) sa naturang bayan. Tatlumpung taon siyang nakikibaka para sa karapatan nilang magniniyog, kabilang ang pagbawi sa pondong *coco levy*, pagpapataas ng presyo ng kopra at ayuda sa panahon ng pandemya at bagyo.

Estilong tokhang na pinatay siya ng mga elemento ng 201st Brigade sa Brgy. Sta. Maria, Catanauan, Quezon noong Nobyembre 14, 2020. Naganap ang pamamaslang matapos mabigo ang 201st Brigade sa atake nito sa AMC-NPA Quezon. Dahil natalo sa labanan, ibinaling ng mga pasista ang kanilang galit sa mamamayan. Bago ang krimen, ilang beses na ipinatawag sa kampo si Buisan at sapilitang pinapasuko ng AFP bilang kasapi ng NPA. Dati na siyang iprinisenta ng SOLCOM na pekeng *rebel returnee* kasama ang iba pang magniniyog na tinakot ng AFP. DnB

# Vilma Salabao
# Wesley Obmerga
# Carlito Zonio
# Jonathan Alberga
# Niño Alberga

## 2020 Disyembre 17
## So. Malalim, Brgy. San Jose, Baras, Rizal

***Pahayag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front - Southern Tagalog (NDF-ST):***

Mga sibilyan at hindi NPA ang pinaslang ng mga militar at pulis sa Baras, Rizal!

Salungat sa pinalalabas na kwento ng militar at pulis sa masmidya, isang masaker at hindi engkwentro ang nangyaring pagpaslang sa tinaguriang Baras 5 ng mga tropa ng 2nd Infantry Divison ng Philippine Army at PNP Region IV-A sa isang Mango Farm sa So. Malalim, Barangay San Jose, Baras, Rizal.



Nagkukumahog ngayon ang mga mersenaryo at pasistang tropa ng rehimeng US-Duterte sa pag-iimbento ng mga idadahilan upang pagtakpan ang nagawa nilang karumal-dumal na krimen sa pagmasaker sa limang (5) sibilyan na nasa isang pribadong Mango Farm sa So. Malalim, Barangay San Jose, Baras, Rizal noong madaling araw ng Disyembre 17, 2020. Nauna nang ipinahayag ng pamunuan ng 2nd Infantry Division ng Philippine Army (2nd IDPA) at Philippines National Police Region 4A (PNP Region IV-A) na matataas na opisyal ng NPA Southern Tagalog ang kanilang nasagupa at napatay habang diumano'y isinisilbi ang *warrant of arrest* sa isang nagngangalang Antonio Cule na diumano'y mataas na opisyal ng NPA sa rehiyon.

Mabilis ding nalantad ang hinabing kwentong ito ng militar at pulis matapos mapatunayan na *caretaker* at nagtatrabaho sa farm sina Carlito Zonio, magpinsang Jonathan at Niño Alberga, Vilma Salabao at Wesley Obmerga. May *kidney failure* at *tuberculosis* sa buto si Wesley habang isang *cancer patient* at dumaranas ng matinding *arthritis* si Vilma.

Batay sa mga napaulat sa mga pahayagan at nakalap naming impormasyon, si Carlito Zonio ay tatlong taon nang nagtatrabaho bilang *head security* at *caretaker* ng Farm at ang magpinsang Jonathan at Niño Alberga ay mga *security guard* dito. Samakatuwid, walang nadakip o napatay na Antonio Cule sa mga pinaslang nilang sibilyan sa Mango Farm. Gamit ng mga *security guard* ang mga iprinisintang armas na diumano ay sa NPA at ang iba pang diumanong ebidensya ay mga tanim na ebidensya ng PNP at 80th IB ng Philippine Army.

Walang kagatol-gatol na nagsisinungaling si dating heneral Eduardo Año ng DILG sa paglulubid ng kwento na kabilang sa *sparrow unit* ang limang mga "napatay" sa Baras, Rizal upang palabasing "lehitimo" ang ginawang operasyon at pagpaslang sa mga biktima.

Ginawa ni Año ang pantantiskong istoryang ito isang araw matapos banggitin ni Marco Valbuena ng Public Infromation Bureau ng CPP na may pangangailangan na magbuo ang CPP ng mga yunit partisano para parusahan ang mga may malalaking kasalanan sa bayan. Hindi pa man nagmamateryalisa at kinukunsidera pa lamang ng CPP ang pagtugon sa popular na kahilingang ito ng iba't ibang seksyon ng mamamayan ay nanginginig na sa takot ang mga berdugong pasista at anti-komunistang nasa NTF-ELCAC, AFP at PNP tulad ni Año at Lorraine Badoy.

Lalo nang hindi paniniwalaan ng taumbayan ang mga garapal na kasinungalingan na hinahabi ni General Año sa publiko para bigyan katwiran ang masaker. Paanong magiging operatiba ng *sparrow unit* sina Vilma at Wesley na halos hirap nang makakilos dahil sa malubha nilang karamdaman? Paano paniniwalaan ang deklarasyon ng isang berdugo at mamamatay-tao na utak sa likod ng mga extra-judicial killing, pagdukot at pagkawala ng maraming aktibista kabilang sina Jonas Burgos, Sherlyn Cadapan at Karen Empeño sa panahong nanunungkulan siya bilang hepe ng ISAFP? Si Año din ang protektor at padrino ng berdugong si Gen. Jovito Palparan.



Saksi ang maraming sibilyan na nakatira sa malapit sa Farm na kilala nila at ginagarantiyahan nilang mabubuting tao ang 5 sibilyang pinaslang ng pinagsanib na pwersa ng 2nd IDPA at PNP Region IVA. Partikular, madalas nilang nakakausap at nakakasalamuha si Vilma Salabao. Ayon sa mga naging pahayag ng mga residente sa paligid ng Farm, wala silang nakitang armas o palatandaan man lamang na kabilang sa NPA si Vilma at mga kasamahan nitong nagtatrabaho sa Farm.

Mariing kinokondena ng NDFP-Southern Tagalog ang ginawang masaker ng 2nd IDPA at PNP Region IVA sa mga inosenteng sibilyan na walang kinalaman sa nagaganap na panloob na armadong tunggalian o gyera sibil sa bansa. Ang pagpaslang ng mga armadong pwersa ng rehimeng Duterte sa limang sibilyan ay lansakang paglabag sa alintuntunin sa internasyunal na makataong batas at iba pang batas ng digma alinsunod sa United Nations Geneva Convention of 1949 at ang sumunod na Protocols 1 and 2 of 1977. Sa partikular, tahasang nilabag ng AFP at PNP ang probisyon sa Article 3 ng Protocol 2 na nagbibigay ng proteksyon sa mga biktima ng armadong tunggalian na walang katangiang internasyunal subalit isang armadong tunggalian na nangyayari sa loob ng mga hangganan ng iisang bansa. Nilalayon ng Protocol 2 na masaklaw ng mga internasyunal na makataong batas maging ang mga digmaang sibil o internal na armadong tunggalian. Nakasaad sa Common Article 3 ng Protocol 2 ang sumusunod:

*a. Persons taking no active part in hostilities should be treated humanely (including military persons who have ceased to be active as a result of sickness, injury o detention).*

*b. Humanitarian principles should apply regardless of the identity of the combatants;*

*c. The wounded and sick shall be collected and cared for*



Tahasang nilabag din ng pasistang rehimeng US-Duterte ang Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na nilagdaan ng dating Pangulong Joseph Esrtada ng GRP at Manuel Romero ng NDFP noong 1988 resulta ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP. Alinsunod sa CARHRIHL:

*Civilians or those taking no active part in the hostilities are protected from desecration of the remains of those who have died in the course of the armed conflict ... and breach of duty to tender immediately such remains to their families or to give them decent burial.*

Napakalupit para sa pamilya ng mga naulila na pati sila'y parusahan at padaanin sa hirap sa pagkuha ng mga labi ng kanilang mahal sa buhay. Ayon sa pamilya ng mga pinaslang na sibilyan, halos padaanin sila sa butas ng karayom bago makuha ang mga labi ng kanilang mahal sa buhay. "Patay nang lahat ay pilit pang ipinagkakait sa kanila na makuha ang mga labi ng kanilang mahal sa buhay," dagdag pa nila.

Nilalabag ng AFP at PNP maging ang mga karapatan at kinagawiang tradisyon ng mga PIlipino na magluksa ng tahimik at pribado sa panahon ng burol ng kanilang mahal sa buhay. Ang tradisyon at karapatan ng pamilya na maidaan sa simbahan ang labi ng kanilang mga mahal sa buhay para alayan ng misa at mabasbasan ng pari at maihatid ng maayos sa huling hantungan upang mapagkalooban ng marangal na libing.

Halos isang buwang ibininbin at ipinagkait sa pamilya at kaanak ang labi ni Vilma Salabao. Naging patakaran na ng AFP at PNP sa panahon ng pasistang paghahari ni Duterte ang pag-*hostage* o sadyang pagbinbin sa mga labi ng kanilang mga nagiging biktima ng karumal-dumal na krimen. Tulad ito sa nangyari kay Ka Ermin Bellen na kanilang pinaslang sa Antipolo, Rizal noong Disyembre 2019, sa Kalayaan 4 ng Laguna noong Agosto 2020, sa kaso ng mag-asawang NDFP Consultants na sina Eugenia Magpantay at Agaton Topacio sa Angono Rizal, sa apat na kasamang magkakasunod na napaslang sa Mansalay, Socorro at Bulalacao sa Mindoro Oriental at ang pinakahuling dalawang kasamang napaslang sa Aguas, Rizal, Mindoro Occidental.



Sadyang ginagawa ng mga pasistang tropa ni Duterte ang pagbibinbin sa mga labi para linisin at pagtakpan ang anumang ebidensya na magpapatunay na isang *summary execution* at masaker ang nangyari at hindi ang  gasgas na dahilan ng PNP at AFP na  "nanlaban" ang mga biktima kaya napatay habang isinisilbi ang diumano'y *warrants of arrest*.  Sila'y mga walang budhi para pagmalupitan maging ang kapamilya ng kanilang mga napapatay na mga kasapi ng NPA at mamamayang hindi sangkot sa nagaganap na armadong tunggalian sa bansa.

Katarungan ang panawagan ng pamilya ng 5 biktima ng masaker sa Baras, Rizal at sa lahat ng mga iba pang naging biktima ng mga karumal-dumal na krimen, kultura ng karahasan at impyunidad ng AFP at PNP ng pasistang rehimeng US-Duterte.  Kinasusuklaman nila ang gubyernong Duterte na siyang dahilan kung bakit lalong naging halang ang mga bituka at *trigger happy* kung pumatay ang mga kagawad ng pulis at militar sa mga kaawa-awang mga sibilyan. Isinisi din nila sa gubyernong Duterte ang labis na kahirapan at pang-aapi na kanilang nararanasan dahil sa mga anti-mamamayan at pro-imperyalistang mga patakaran ni Duterte. Dahil dito, patuloy na lumalakas at lumalawak ang panawagan ng taumbayan para ibagsak ang tiwali, inutil, traydor, tiraniko at teroristang rehimeng Duterte.

Sa kabilang banda, titiyakin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na mapananagot ang lahat ng mga may kinalaman sa naganap na masaker sa Baras, Rizal at sa iba pang mga krimen at paglabag sa karapatang pantao ng AFP at PNP laban sa mga mamamayan sa rehiyon.  Sa abot ng makakaya, titiyakin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na maipagkakaloob sa pamilya at mga kaanak ang hinihingi nilang rebolusyonaryong hustisya para sa kanilang mga mahal sa buhay na naging biktima ng karahasan at terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte. *DnB*



# Rommy Torres

2021 Pebrero 5
Mabitac, Laguna

Si Rommy Torres ay isang lider-magsasaka mula sa Bulacan. Natagpuan siyang patay at nakasilid sa isang *plastic drum* sa Mabitac, Laguna noong Pebrero 5. Kasapi siya ng Sandigan ng Magsasaka sa San Mateo na mahigpit na lumalaban sa pangangamkam ng lupa ng Royal Moluccan Realty Holdings na pag-aari ng mga Villar sa Norzagaray, Bulacan. *DnB*



# Emmanuel Asuncion

2021 Marso 7
Dasmariñas, Cavite
"Bloody Sunday"

Alas singko y medya nang umaga ng Marso 7, 2021, nireyd ng mga pulis ang opisina ng Workers' Assistance Center (WAC) sa Dasmariñas, Cavite. Tinipon ng mga pasista ang tatlong aktibista at inihiwalay si Emmanuel Asuncion, lider ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Cavite bago pinatay.

Paano ba natin tinitimbang ang buhay ng isang rebolusyonaryo? Kaparis ba ito ng pagtimbang natin sa buhay ng isang reaksyunaryo at mamamatay-tao? O ng mga kaparis nila? Madali ba natin itong makakalimutan? Tulad ba ito ng karaniwan? Sa ganitong diwa, paano ba natin titimbangin ang buhay ng isang tagapamandila ng pambansa-demokratikong pagbabago at tagapagtanggol ng karapatang pantao tulad ni Ka Manny Asuncion?

Sabi ni Mao, isang dakilang gurong komunista, ang buhay ng isang rebolusyonaryo o ng kahit na sinong lumalaban para sa katarungan at naglilingkod sa interes ng sambayanan ay kasingbigat ng Bundok Tai sa Tsina. Isang buhay na kahit kailan, hindi masusukat ng kahit na anong teknolohiya ni matitimbang ng sinumang intelihenteng propesyunal. Samantala, ang buhay naman ng mga reaksyunaryo at mapagsamantala ay kasing-gaan ng isang hibla ng balahibo.

Ganito natin binibigyang diin ang buhay ng bayani — ang buhay na tulad ng ipinakita ni Emmanuel "Ka Manny" Asuncion simula nang mamulat sa di-makataong kondisyon sa pagawaan at ang pagkakait sa kanya at kapwa manggagawa ng hanapbuhay matapos iligal na tanggalin sa Enlin Steel Corporation. Hindi matatawaran ang panahong iginugol ni Ka Manny bilang lider-manggagawa sa Cavite simula noong taong 1997 bilang kasapi ng Solidarity of Cavite Workers (SCW) na kalaunan ay pinamunuan niya bilang pangkalahatang kalihim. Hindi nagtagal, buong pusong niyakap ni Ka Manny ang papel ng uring manggagawa para sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong pakikibaka at naging pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan-Cavite mula 2003 hanggang sa kanyang kamatayan.

Kilalang-kilala si Ka Manny bilang mahusay na lider-aktibista. Taglay niya ang mga katangian ng isang rebolusyonaryo. Mahusay na guro, mahusay na organisador at mahusay na kampanyador. Kinilala siya ng mga kapwa aktibista bilang mapagkalinga, maalalahanin, at masayahing kasama. Magaling ding historyador si Ka Manny, at kapupulutan mo ng aral dahil sa kanyang kakaibang talas sa pulitika.

Walang araw na hindi nagsakripisyo si Ka Manny. Lagi't lagi niyang pinipili ang masang manggagawa at magsasaka hanggang sa mga komunidad ng mga maralita sa lalawigan. Maraming oportunidad ang sana'y sinamantala ni Ka Manny dahil sa kanyang abilidad sa teknolohiya at mga makina. Pero mas pinili niyang paglingkuran ang aping mamamayan. Tunay na siya'y hindi pangkaraniwan — tunay na isang bayaning dapat pamarisan ng aktibista, kapwa manggagawa, magsasaka at mga kabataan. Tunay na rebolusyonaryo.

Siyam na lider-aktibista mula sa Cavite, Rizal, Batangas at Laguna ang pinaslang sa ilalim ng COPLAN ASVAL at sa direksyon ng berdugong NTF-ELCAC at ng pasistang rehimeng Duterte. Walang kapatawaran ang krimen ni Duterte sa mamamayan. Makatwiran ang pagpapatuloy ng mga progresibo at makabayang pwersa upang panagutin ang mga elemento ng berdugong PNP na pumaslang kay Ka Manny at sa iba pang biktima ng Bloody Sunday.




Binibigyang pagkilala at mataas na pagpupugay ang makabuluhan at dakilang buhay ni Emmanuel "Ka Manny" Asuncion na buong puso niyang iniambag para sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong pakikibaka hindi lamang ng kaparis niyang manggagawa, kundi ng lahat ng sektor. Ang kanyang kasikhayan at galing na ipinamalas sa parlamentaryong pakikibaka ay katangi-tangi. Tiyak, maraming mamamayan ang magpapatuloy ng naiwan niyang laban para sa tunay na reporma sa lupa, nakabubuhay na sahod, edukasyon at karapatan.

Hindi masasayang ang mga pagsisikap ng mga martir ng Bloody Sunday. Higit pa rito, gagawin ang lahat upang makamit ang rebolusyonaryong hustisya na ipinagkakait ng kasalukuyang sistemang panlipunan. DnB



# Ariel Evangelista
# Chai Lemita Evangelista

2021 Marso 7
Brgy. Calayo, Nasugbu, Batangas
"Bloody Sunday"

Sina Ariel at Chai Evangelista ay mag-asawang kasapi ng Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan (UMALPAS KA), isang organisasyon na tumututol sa mga mapanirang *eco-tourism project* sa Batangas.

Si Chai Lemita - Evangelista, bilang anak ng mga magsasaka, mula sa pagkabata ay nagisnan na ang laban ng mga magsasaka sa 8,650 ektarya na Hacienda Looc sa Nasugbu Batangas. Nang siya ay nag-aral ng kolehiyo sa Cavite State University sa Indang, Cavite, nakilala siya bilang lider ng ANAKBAYAN Cavite na nagtampok ng laban ng mga kabataan para sa karapatan at edukasyon.

Kasama si Chai at ang mga kapatid nito sa mga kabataan noon na humiga sa lubak na kalsada upang pigilin ang buldoser na sapilitang magpapalayas sa mga magsasaka. Kasama rin siya sa mga nag-oorganisa ng Relief Operations sa bayan ng Nasugbu sa panahon ng pandemya.

Pangunahin namang hanapbuhay ni Ka Ariel Evangelista ang pagtatanim ng saging. Siya ay kilala ring organisador sa mga magsasaka at mangingisda sa kanilang bayan sa Nasugbu laban sa pagpapalayas sa mga mangingisda sa barangay Calayo at mga karatig barangay kasama ang kanyang kabiyak na si Chai.

Matagal nang ni-*redtag* ang mag-asawang Ariel at Chai sa kanilang lugar at pinasusuko ng mga militar subalit sila'y nanindigan na lumaban para sa mga magsasaka at sambayanang Pilipino.

Marso 7, 2021 ay kabilang ang mag-asawang Ariel at Chai sa siyam na pinatay sa CALABARZON na tinaguriang Bloody Sunday Massacre sa Timog Katagalugan. Bandang alas-kwatro ng madaling araw, pinasok ng mga armadong elemento ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Regional Force Unit 4A, Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 4A at Nasugbu Municipal Police Station (MPS) ang kubo nila sa tabing-dagat ng Brgy. Calayo, Nasugbu, Batangas. Pinaslang ang mag-asawa habang nakatakas ang kanilang 10 taong gulang na anak. DnB





# Melvin Dasigao
# Mark Bacasno

2021 Marso 7
Kasiglahan Village, Rodriguez, Rizal
"Bloody Sunday"

Si Melvin "Greg" Amistoso Dasigao ay nakatira sa Kasiglahan Village, Rodriguez. Nireyd ng 40 pulis at sundalo ng CIDG, Special Action Force at 202nd Brigade ng Philippine Army ang tahanan niya. Pinalabas ang kanyang kinakasama at dalawang anak at saka siya pinatay.

Sa parehong komunidad, pinatay rin ng mga naturang elemento si Mark "Makmak" Licoros Bacasno. Kasapi sila ng San Isidro Kasiglahan, Kapatiran at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kapayapaan (SIKKAD-K3) na matagumpay na umokupa sa abandonadong pabahay ng estado sa lugar. Kabilang sila sa siyam na aktibistang pinatay noong Marso 7, 2021 na tinawag na Bloody Sunday. DnB



# Randy Dela Cruz
# Puroy Dela Cruz

2021 Marso 7
So. Mina, Brgy. Sta. Ines, Rodriguez, Rizal
"Bloody Sunday"

Sina Puroy at Randy "Pulong" Pineda Dela Cruz, mga katutubong Dumagat, ay mula sa So. Mina, Brgy. Sta. Ines, Rodriguez. Aktibo sila, kasama ang kanilang mga kababaryo, sa paglaban sa proyektong Kaliwa Dam. Kabilang sila sa siyam na aktibistang pinatay noong Marso 7, 2021 na tinawag na Bloody Sunday. DnB

# Abner Mendoza Esto
# Edward Mendoza Esto

2021 Marso 7
Brgy. Puray, Rodriguez
"Bloody Sunday"

Sina Abner at Edward Mendoza ay mga magsasaka na isinailalim na sa sapilitang pagpapasuko sa lugar at pinagpanggap na mga kasapi ng NPA bago pinatay. Binaril sila sa Brgy. Puray, Rodriguez. Kabilang sila sa siyam na aktibistang pinatay noong Marso 7, 2021 na tinawag na Bloody Sunday. DnB

“

*Natatakot din ako sa sariling buhay dahil sa nagaganap na kaliwa't kanang pamamaslang sa mga aktibista at lider masa sa rehiyon. Ang aking ginagawa ay para sa ikagiginhawa at kagalingan lamang ng mga manggagawa at maralita, ngunit sa paningin ng mga militar at kapulisan ito ay masama."*

(Pang. Dandy Miguel, sa isang panayam ng Rappler habang nasa kasagsagan ng kanyang pag-alalay sa mga biktima ng Bloody Sunday sa CHR)



# Dandy Miguel

## 2021 Marso 28
## ASIA 1, Brgy. Canlubang, Calamba, Laguna

Noong Marso 28, 2021, tinambangan at pinagbabaril hanggang mapatay si Dandy Miguel, 35 taong gulang, ng mga operatiba sa paniktik ng AFP sa ASIA 1, Brgy. Canlubang, Calamba. Si Miguel ang bise presidente ng Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK)-KMU at pangulo ng unyon na Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa sa Fuji Electric Philippines.

Sariwa pa ang tumilamsik na dugo sa katawan ng siyam na aktibistang minasaker ng pinagsanib na operasyon ng mga berdugong NTF-ELCAC, PNP-CIDG sa pangunguna ng SOLCOM at PNP-CALABARZON sa tinaguriang Bloody Sunday nang patraydor na patayin si Dandy Miguel noong Marso 28, 2021 pasado alas-otso ng gabi sa madilin na bahagi ng kalsada sa Asia-1 Main Road, Brgy. Canlubang, Calamba City habang pauwi galing sa pinagtatrabahuhang pagawaan sa loob ng Carmelray Economic Zone. Tinapos ang kanyang natatanging buhay ng walong tama ng punglo mula sa baril ng mga berdugo na tumagos sa iba't ibang bahagi ng kanyang katawan.

Nagpupuyos sa galit at paghihimagsik ang buong hanay ng mga manggagawa hindi lamang sa mga kasaping unyon ng PAMANTIK-KMU kundi ng buong kilusang manggagawa sa Timog Katagalugan dahil sa ginawang karumal-dumal na pagpaslang sa isang pinagpipitagan at huwarang lider-manggagawa.



Ang pagpaslang kay Miguel ay kulminasyon ng serye ng mga pag-atake ng NTF-ELCAC, SOLCOM at PNP-Calabarzon sa kilusang paggawa sa TK. Matatandaang una nang ni-*redtag* si Miguel at ang PAMANTIK ni Gen. Antonio Parlade ng NTF-ELCAC at SOLCOM noon pang 2019 at inakusahang *recruiter* at *legal front* ng CPP-NPA. Noong nakaraang taon din, nagkampo at inagaw ng isang yunit ng 202nd Brigade-PA sa ilalim ng 2nd ID ang *workers' center* sa Barangay Hall ng Pulo sa Cabuyao. Ito ay pinangangasiwaan ng PAMANTIK mula sa proyektong ipinatayo ng Anakpawis Partylist noong 2005.

Kasabay ng brutal na pagpatay kay Dandy Miguel, ginastusan pa ng mga militar ang paglalagay ng mga kabaong sa Boy Scout Circle, Quezon City at sa Edsa Guadalupe Bridge sa Makati City na hayagang nire-*redtag* at binabantaan ang mga aktibista at lider-manggagawa sa gagawin nilang panunugis at pagpatay.

Walang ibang layunin ang pagpatay kay Dandy Miguel kundi ang lumikha ng matinding takot sa hanay ng manggagawa at sa kanyang organisasyong kinaaniban lalo na at sukdulan na ang kahirapang dinaranas ng mga manggagawa sa ilalim ng palpak na pamamalakad ng korap, pasista at kriminal na si Duterte.

Isang huwarang lider-manggagawa si Dandy Miguel na inihandog ang mahabang panahon at buhay para sa pagsusulong ng mga kagalingan at interes ng kanyang uring

pinaglilingkuran. Bilang pangulo ng unyong Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa ng Fuji Electric Phils - Olalia KMU (LNMFEP-OLALIA-KMU), matagumpay niyang pinamunuan at pinangunahan ang katatapos nilang Collective Bargaining Agreement (CBA) na naipagtagumpay sa gitna ng ipinatutupad na lockdown dahil sa pandemya.

Ipinamalas din ni Miguel ang walang pag-iimbot na paggampan sa iba't ibang tipo ng gawain, di-matatawarang mapanlabang diwa at walang kapagurang pagkilos para sa kagalingan at interes ng mga manggagawa hindi lamang sa kanyang unyong kinabibilangan. Pinangunahan niya ang pagsusulong ng kampanya ng manggagawa para sa pagkakamit ng makabuluhang dagdag-sahod, ng kampanya para sa regularisasyon at laban sa kontraktwalisasyon, at kampanya laban sa mga ipinatutupad na neoliberal na patakarang mapaminsala sa kabuhayan ng masang manggagawa at mamamayan.

Katangi-tangi rin ang dedikasyon at katapangan sa harap ng tumitinding pasismo ng estado at napabilang sa pinakamabilis at pinakamaagang nagboluntir na maging *paralegal* sa pag-aasikaso sa mga bangkay ng mga biktima ng "Bloody Sunday." Partikular niyang pinangunahan ang pag-aasikaso sa mag-asawang Lemita-Evangelista. Batid din ni Miguel ang panganib sa kanyang buhay ngunit nakatanim sa kanyang diwa ang walang pag-iimbot na pagsusulong ng pambansa-demokratikong pakikibaka para palayain hindi lamang ang sariling uri kundi ang mas malawak na masang api at pnagsasamantalahan. Niyakap niya ito bilang isang misyon para sa inang bayan hanggang sa kanyang huling hininga. DnB



# Eddie Billones

2021 Hunyo
Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna

***Salaysay ni Justin Umali (malayang salin):***

**Pag-alaala kay Ka Eddie**

Una kitang nakita sa Chinese Embassy. Tatlong araw na tayong nagmamartsa nang wala halos pahinga, pero iyon ka, nasa kamay ang mikropono at nasa puso ang apoy, iniaanunsyo sa mundo na ang mga magsasaka ng Timog Katagalugan ay hindi kailanman

aatras sa anumang laban. Tinawanan ko ang kakaiba mong enerhiya noon; lahat ay pagod na mula sa init, pero nakinig ako sa bawat salitang sinabi mo.

Una akong nakipag-usap sa iyo sa harap ng Philippine Coconut Authority sa Quezon City. Dumagsa ang mga magsasaka mula sa iba't ibang bahagi ng rehiyon upang magprotesta laban sa Rice Tariffication Law. Tinanong kita tungkol sa kalagayan ng mga magsasaka ng palay sa Laguna at ikaw, nang hindi man lamang tumitingin sa anumang talaan, ay ipinaliwanag nang detalyado ang bawat gastos at bawat paghihirap na kinaharap nila sa bawat panahon ng paghahasik. "Umaani sila ng utang sa halip na palay," sabi mo sa akin.

Inimbitahan mo ako na sumama sa iyo sa pakikipagdayalogo mo sa Department of Agriculture. Umupo ako at pinanood kung paano mo hiniling sa DA na tingnan ang bumabagsak na mga presyo sa Pangil, Laguna. Anumang pasensya na meron ka kapag kasama ako ay napalitan ng isang uri ng makatwirang galit sa paggigiit mo na ang mga magsasaka ay nangangailangan ng mga subsidyo at hindi mga utang.

Nasa Mindoro tayo at nagboluntir para sa isang *peace and mercy mission* nang makita kitang nagtatalakay sa isang lokal doon tungkol sa imperyalismo at kung paano naaapektuhan ang mga magsasaka sa buong bansa ng dayuhang dominasyon. Ngumiti ako nang makita ko kung gaano ka kasigla at kung gaano ka naging ahitado, at kung gaano napuspos ang kausap mo noon sa mga sinasabi mo. Pero alam ko na iyon ka talaga; laging sabik na magturo sa masa.

Kasama kitang umupo sa mga pulong ng rehiyon kung saan kami nakinig sa iyong mga kwento at karanasan. Mas madalas kaysa hindi na tayo'y nagkakahiwalay, pero madalang na magkaroon ng malumbay na pagkakataon kapag nariyan ka. Natatawa ako sa mga biro mong hindi nakakatawa, at humahanga ako sa linaw ng iyong pag-iisip at talas ng iyong pagsusuri.

Una tayong nagtrabaho nang magkasama sa pagsisikap na ireorganisa ang mga magsasaka sa Hasyenda Yulo. Sinubukang idemolis ng mga armadong *goons* na inupahan ng Ayala Land at ng pamilya Yulo ang kanilang komunidad at magtayo ng isang subdibisyon matapos ang daantaong agrikultural na pagpapaunlad dito. Sumasailalim ka noon sa *dialysis*, pero nangako ka, sa lahat ng tapang na kaya mong tipunin, na darating ang araw kung saan tatapak ka sa isang Hasyenda Yulo na pinagmamay-arian ng mga magsasaka na nagbungkal at nagtrabaho sa lupain.

Ang huling pagkakataon na nakita kita ay sa isang pulong para sa Hasyenda Yulo. Nangangalumata ka noon at pagod na mula sa *dialysis*, at huli ka nang dumating sa tanghali kung kailan halos lahat kami ay nagsimula na noong umaga. Halos hindi ka makapanatiling gising, pero sa tuwing iminumungkahi namin na magpahinga ka, ginigiit mo na manatili sa pulong. "Kailangan nating tapusin ang pulong na ito," lagi mong giit.

Tangan ko, at sa palagi, ang hindi nagkukulang na paghanga ko para sayo. Walang makakatumbas sa kung paano mo ibinigay ang iyong sarili para sa masa — at ang iyong kapasyahang isakripisyo ang lahat. Naging matatag ka, minsan hanggang sa punto ng katigasan na ng ulo.

Tinaglay mo ang kahulugan ng isang organisador at ng isang tagapaglingkod ng sambayanan. Ibinigay mo ang mga dekada ng iyong buhay sa paglilingkod sa iba, kahit pa kailanganing unahin ito kaysa iyong pamilya. Alam kong dinala mo ang bigat na iyon sa buong buhay mo, at lagi mong iniisip na may higit na nararapat para sa kanila. Kung nandito ka ngayon, nais kong sabihin sa iyo na ok lang yan, na naiintindihan nila at mahal ka nila.

Naroon ako nang ilibing ka namin sa tabi ng iyong ama sa Barangay San Antonio, Kalayaan, Laguna [matapos igupo ang iyong katawan ng sakit]. Nakita ko kung paanong ang masang minahal mo nang buong puso ay dumating at niyakap ka sa iyong mga huling sandali. Inikot namin ang paanan ng Sierra Madre, at totoong ang pagkawala mo ay simbigat niyon.

Ang kaya ko na lang ay hangaring makita ka muli, Ka Eddie Billones. Ang kaya ko na lang ay ipakita sa iyo ang nagampanan namin at ang tagumpay ng ating mga pakikibaka. Higit sa lahat, ang kaya ko na lang ay ang ipakilala ka sa libu-libong mamamayan na ang mga buhay ay iyong nasagi, at na ang mga diwa ay napasiklab ng iyong diwa. DnB

# MIMAROPA



# Arnel Figueroa

## 2016 Setyembre 20
## Yulo King Ranch, Coron, Palawan

Si Arnel Figueroa ay isang magsasaka sa Yulo King Ranch (YKR). Brutal siyang pinaslang ng mga miyembro ng *blue guards* ng Bureau of Animal Industry (BAI) ng Department of Agriculture.

Mapayapang nagsasaka sina Figueroa sa YKR noong Setyembre 20 nang biglang dumating ang apat na gwardiya ng BAI, dalawang istap ng Forest Management Bureau at apat na sundalong Philippine Marines at pinatigil ang mga magsasaka. Nang makiusap si Figueroa sa isang istap ng FMB ay walang habas siyang binaril ng isang Dan Nelson Mayo, isang gwardiya ng BAI na nagresulta sa kanyang kagyat na pagkamatay. Binaril din ng isa pang gwardiya ng BAI na si Ronald Paguntalan si Levy Embanisido na seryoso namang nasugatan.

Ayon kay Antonio "Ka Tonying" Flores, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, "ang mga magsasakang naggigiit ng kanilang karapatan sa pagbubungkal ng lupa ay alinman sa pinapatay, inaaresto at ikinukulong, o nagiging target ng iba't ibang anyo ng pang-aabuso tulad ng mga magsasakang pinaslang kamakailan sa Nueva Ecija, Isabela at North Cotabato." DnB



# Ronnie Magbitang Panado

2017 Hunyo 20
Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro

Si Ronnie Magbitang Panado ay mula sa uring magsasaka, 41 taong gulang, may asawa at tatlong anak. Ang kanyang pamilya ay nanggaling sa Brgy. Limlim, Rizal at kabilang sa mga nakibaka laban sa pastuhan ng malupit na panginoong maylupang Campano-Guevarra noong dekada 1980. Ang malakas na pakikibakang masa ng mga magsasaka sa Limlim ay tinapatan ng karahasan ng paramilitar na Alsa Masa at Matasadem at mga goons ni Guevarra. Pinaslang ang ilang lider-magsasakang kalahok sa inilunsad na pakikibakang masa sa lugar, sinunog ang mga kabahayan at hayop ng mga magsasaka. Resulta nito, organisadong lumikas ang halos buong komunidad patungo sa mga bayan ng San Jose, Occidental Mindoro at Mansalay, Oriental Mindoro.

Ang mga pangyayaring ito ang higit na pumukaw sa damdamin at diwang palaban ni Ronnie at ng kanyang mga kababaryo. Nakipagkaisa sila sa iba pang kapwa magsasaka at katutubong Mangyang biktima ng pang-aapi at pandarahas ng mga PML sa pastuhan. Sumama sila sa mga pagkilos at pakikibaka para palayasin at bawiin ang mga lupaing sinaklaw ng pangangamkam ng mga PML at ipinundar nila ang produktibong mga palayan sa lugar na hanggang ngayon ay pinakikinabangan ng mamamayan doon. Ginamit ni Ronnie ang praktikal na kaalaman niya sa pagtuturo sa mga katutubong Mangyan ng paraan at teknika ng pagsasaka.

Namatay siya sa sakit at pinagdududahang natetano nitong Hunyo 20, 2017. DnB

# Erning Aykid

## 2017 Setyembre 15
## Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro

Si Erning Aykid ay isa sa matibay na lider ng kilusang masa ng mga katutubo.

Mula sa Hanunuo-Mangyan, si Erning ay lumaki sa isang pamayanan kung saan naging tradisyon na ang pagtatayo ng samahan. Mula pa noong 1980s sa pangunguna ng kanyang ama, ang kanilang pamayanan na So. Silad, Brgy Benli, Bulalacao ay naging *pilot area* ng Farmers Assistance Board, isang NGO na nagtuturo ng sustenableng pagsasaka kasabay ng pagpapalakas ng kooperasyon sa hanay ng mga magsasaka. Pana-panahon silang nadadalaw ng dating Executive Director ng nasabing institusyon sa katauhan ni G. Roy Mondejar. Sa tulong ng institusyong ito, naitayo ang komunal na proyektong palayan na kumpleto ng sistemang patubig sa lupang inokupa nila mula sa pastuhan ng PML na si Sanggalang sa So. Kitum-a ng nasabing barangay.

Ang proyektong pangkabuhayan, pangkalusugan at pang-edukasyon na sinimulan ng FAB ay ipinagpatuloy ng IDEAS, isang NGO na sumuporta sa mga pamayanan ng katutubo. Sa panahong ito, nasa hustong gulang na si Erning. Dito na rin siya tumanggap ng mga pagsasanay at pag-aaral sa pamumuno at pamamahala ng samahan.

Isang malakas na bagyo at baha ang sumira sa komunal na sakahan ng samahan sa Kitum-a. Gayunpaman, ang magandang karanasan nila sa okupasyon sa Kitum-a at pamamahala ng komunal na sakahan ang naging inspirasyon nila para tugunan ang kanilang kahirapan sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos.

Taong 1991 nagsimulang okupahin ng samahan ang Syongot at Pagila-gila na nasa tabing-ilog ng Caguray. Hinabol ito ng King Ranch dahil saklaw diumano ito ng kanilang pastuhan. Kung tutuusin bahagi na ito ng *riverbank* at saklaw ng *public land*. Ipinagkait ang lupa sa mga katutubo ng PML na si Fredo Ocampo na *co-owner- manager* ng nasabing rantso at upang biguin ang okupasyon, inihabla nito si Erning sa korte sa gawa-gawang kaso na pagnanakaw ng baka sa pastuhan. Tumagal nang mahigit limang taon ang kaso at sa proseso naibenta ang ilang malalaking hayop ng pamilya bilang gastusin sa pagharap sa litigasyon. Naipanalo ng mga magsasaka ang kaso nang ipawalang bisa nila ang salaysay ng saksi ng PML na nakita niya sa liwanag ng buwan ang akto ng pagnanakaw ni Erning. Nilakad ng mga magsasaka ang sertipiksyon mula sa PAGASA na walang buwan ang panahong sinabi ng pastuhan na nawala ang mga hayop nila, bagay na naging batayan upang mapawalang-sala si Erning.

Taong 2006 pinangunahan niya ang samahan sa paglunsad ng petisyon-dayalogo sa DENR na kanselahin na ang Pasture Lease Agreement ng mga pastuhan sa kahabaan ng erya ng Ilog Caguray at Ilog Tumalo. Nabahala ang mga PML sa pagkilos na ito. Kaya lalong uminit ang pagtingin ng estado kay Erning.

2009 nang naganap ang isang negosasyon sa pagitan ng PML na si Fredo Ocampo ng King Ranch at ang mga magsasaka. Sa panahong iyon naitayo na ang AMATS (Arawatan ng Magsasaka sa Tinawagan, Syongot-Pagila-gila), isang samahan ng mga katutubo at magsasakang okupante hindi na lamang sa Syongot Pagila-gila kundi kasama na ang okupante sa pastuhan ng Tinawagan na noong panahong iyon ay pinasok ng bagong pastuhan ni Gerry Espinosa. Naging matagumpay ang nasabing dayalogo at naitakda ang hangganan sa pagitan ng pastuhan at ng mga okupante.

Sa panahong ito nagsilbing tagapayo si Erning ng samahan ng AMATS habang nagsilbi din siyang pangalawang pangulo ng pang-islang pederasyon ng mga katutubong Mangyan na Hagibbat.

Taong 2016, sa panahong naglilingkod siya bilang kagawad ng Sangguniang Barangay ng Benli, inihapag ni Erning ang tatlong resolusyon na naisabatas bilang ordinansa ng barangay. Isa dito ang ordinansang naglatag ng kontrol at limitasyon kung kailan lamang maaaring pahintulutan ang pagkuha ng *aggregates* o pagkwari sa Ilog Caguray na saklaw ng Benli. Malinaw sa mga magsasaka at katutubo na matitibag ang kanilang mga lupain at sakahan kapag pinahintulutan ang komersyal na pagkwari ng Ilog Caguray kaya mariin nila nitong tinutulan. Ikinampanya nila ang petisyon laban sa pagkwari ng Ilog Caguray na dinala nila hanggang sa opisina nang noo'y Kalihim ng DENR na si Sec Gina Lopez. Ikinagalit ito ng *mayor* ng Bulalacao, na may planong buksan ang pagkwari ng Caguray

River na dumadaan sa Brgy Benli. Naging popular ang suporta ng taumbaryo kay Erning at kinumbinsi nilang tumakbo ito bilang kapitan sa darating na eleksyong pambarangay. Hindi natupad ang pangarap na ito ng kanyang mga kababaryo dahil tinapos na ng bala ng mga pasista ang kanyang buhay.

Ang matapang na tindig ni Ka Erning sa mga isyung kinaharap ng mga katutubo at ang progresibong tindig dito ay naglagay sa kanya sa unahan sa laban ng mga katutubo para sa lupaing ninuno at mga karapatan. Naging kakabit ng pagtaas ng kanyang prestihiyo bilang mahusay na lider ang pag-init sa mata ng naghaharing-uri lalo ng mga PML at burukratang naghahangad ng lupaing ninuo at dambungin ang likas na yaman dito. Lumundo ang pagngingitngit ng naghaharing-uri kay Erning sa pagpaslang sa kanya.

Subalit hindi mapatatahimik ng punglong kumitil sa kanyang buhay ang paglaban ng mga katutubo para sa kanilang lupang ninuno at karapatan sa pagpapasya-sa-sarili. Sa pagtindi ng krisis ng MKMP na lipunan, maraming Ka Erning pa ang lilitaw mula sa kanilang hanay. *DnB*

# Aylan Lantoy

2017 Setyembre 15
Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro

Si Aylan ay isang kabataang intelektwal mula sa Hanunuo-Mangyan. Nakapagtapos siya ng *high school* at may panahong naglingkod bilang Barangay Secretary.

Habang nagseserbisyo sa kanyang barangay, naging bahagi ng kanyang gawain ang humarap sa maraming kaso, reklamo at mga problema ng kanyang mga kababaryo. Hanggang sa umabot ang kanyang pagnanais na makatulong sa kapwa sa paghanap ng solusyon sa mga problemang ito sa pamamagitan ng kilusang masa.

Naging mahigpit na katuwang siya ni Erning sa pagharap sa mga isyu sa barangay. Sinuportahan niya ang mga panukalang ordinansa ni Erning. Sinamahan niya si Erning sa mga lakad nito. Hanggang sa magkasama silang sinapit ang wala-sa-panahong pagkamatay sa punglo ng mga pasista. *DnB*



# Victorino Estrella

2018
Mindoro

Si Victorino “Sir Jun” Estrella, humigit-kumulang nasa 35 taong gulang, ay binata, taga-Brgy. Limlim, Rizal, Occidental Mindoro. Siya ay isang makabayang guro.

Bata pa si Sir Jun noong dumaan ang kanilang lugar sa matinding karahasan at kahirapan dahil sa militarisasyon at kahirapan. Nang siya ay lumaki, pinili niyang magturo sa mga katutubong Buhid sa Alternative Learning School (ALS) ng Plan International na noong huli ay pinondohan na ng lokal na gubyerno ng San Jose.

Nagpapalipat-lipat siya sa mga malalayong sityo ng barangay para makapagturo sa mga katutubong Mangyan. Lagi niyang kinasasabikan ang pakikipagtalakayan at pag-aaral. Sumasama siya sa mga kampanyang pag-aaral, at gumagampan siya ng kanyang tungkuling magturo—hinggil sa lipunang Pilipino at pagpapalaya ng mga aping mamamayan. Tuwing walang pasok sa kanyang iskul, nagboboluntaryo siyang tumulong sa progresibong paaralan. Sinasama niya ang kanyang mga kapwa guro at kaibigan sa mga progresibong pag-aaral para mamulat. Ito ang dahilan kung bakit pinag-initan siya ng militar.

Noong 2018, habang nakasakay sa motorsiklo at papunta na sa kanyang sityong pinagtuturuan kasama ang isang pinsan, dinukot sila at hindi na muling nakita. DnB

# Pangon Danio

## 2018 Setyembre
## So. Kulasisi, Brgy. Batong Buhay, Sablayan, Occidental Mindoro

Si Chairman Pangon Danio, isang katutubong Alangan, higit 50 ang edad, ay lider ng samahan ng mga katutubo sa kanilang baryo sa Kulasisi. Isang magkakaingin at gumagawa ng handikrap tulad ng mga bilao at duyan na yari sa uway si Pangon.

Kabaligtaran ng pagiging masayahin ni Pangon sa kanyang mga nakakasalumuha, malaki ang kanyang galit sa kaaway. Matatag ang kanyang tindig sa pagtutol at paglaban sa mina. Nang matuklasan ng kaaway na isa siyang lider-katutubo, binaril siya nang apat na beses gamit ang M16 ng mga lalaking naka-*bonnet* sa Sablayan. DnB

# Rustom Simbulan

## 2019 Marso 1
## Brgy. Tiguisan, Bansud, Oriental Mindoro

Si Rustom Simbulan ay taga-Brgy. Rosacara, Bansud, ngunit nakatira sa Brgy. Lisap, Bongabong. Nagmula siya sa uring magsasaka, may asawa at mga anak.

Bata pa siya nang magsimulang gumampan ng mga gawain sa kanilang baryo. Taong 1990 nang nagpasya siyang buong-panahong kumilos sa kilusang magsasaka. Lumahok siya sa mga pakikibakang masa at tumulong sa mga Buhid sa pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan sa mga dating pastuhan na kinumpiska at libreng ipinamahagi ng kilusang magsasaka. Madalas din siyang nangunguna sa paglutas sa mga tunggalian at sigalot sa barangay kaugnay sa lupa.

Noong 2019, dinakip siya sa isang tsekpoynt sa Brgy. Tiguisan, Bansud at saka pinaslang. DnB

# Omeng Kahelo

2019
Barahan, Sta. Cruz, Occidental Mindoro

Si Omeng Kahelo, higit-kumulang 50 anyos, ay isang lider-anakpawis sa malawak na patag na palayan sa Barahan, Sta. Cruz, Occidental Mindoro. Pangulo rin siya ng isang asosasyon ng mga drayber ng *tricycle*.

Isa siya sa naging benepisyaryo ng paglalansag ng pastuhan na saklaw ng Ramirez estate noong 1997. Biktima siya ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte kung saan ikinawing ang pagpatay sa kanya sa iba pang mga krimen sa lugar. DnB

# "Aga"

## So. Kambingan, Brgy. San Agustin, Sablayan, Occidental Mindoro

Si Aga ay isang katutubong Alangan na mahigpit na tumututol sa mina. Tampok dito ang binubuksang minahan na Intex (binubutas na kalsada galing Pag-asa papuntang Naujan, Victoria). Isa rin siyang lider ng simbahang Katoliko.

Walang-kaluluwang binalingan at pinaslang si Aga ng pasistang sundalo bilang ganti nito matapos mabira ng NPA. DnB

# Boyet Yasay

## Elvita, Sablayan, Occidental Mindoro Mindoro

Si Boyet Yasay ay isang lider-magsasakang mahigpit na tumututol sa mina. Naging kapitan siya ng Elvita, Sablayan noong 1997-2002. Bilang isang mahusay na lingkod-bayan na kumakatawan sa interes ng kanyang nasasakupan, naging mainit ang mata sa kanya ng mga sundalo. Dahil dito, pinaslang siya ng mga berdugong militar at pinalabas na aksidente. DnB

# Frentes Gutierrez

## 2019 Hunyo 29
## So. Cambiswer, Poblacion, Calintaan, Occidental Mindoro

Si Frentes Gutierrez ay taga-Calintaan, Occidental Mindoro, mula sa uring magsasaka, may asawa at mga anak. Pinaslang siya ng mga militar matapos maganap ang isang labanan sa pagitan ng AFP at NPA malapit sa lupang kinatitirikan ng kanyang bahay. Pinalabas siyang kasapi ng NPA at tinaniman ng baril. DnB

# Mark Ederson delos Santos

## 2020 Enero 26
## Brgy. Happy Valley, Socorro, Oriental Mindoro

Si Mark Ederson V. delos Santos, 21 taong gulang, ay taga-Brgy. Happy Valley, Socorro, mula sa uring magsasaka, binata at gumampan ng mga gawain sa lokalidad. Isa siyang mabuting anak ng bayan na pinagkaitan ng marahas na estado ng kinabukasan. Siya ay kabataang kaswalti ng madugong kontra-rebolusyonaryong gera ng rehimeng US-Duterte sa ilalim ng JCP Kapanatagan at National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Dagdag itong krimen na sisingilin ng rebolusyonaryong mamamayan sa pasista at berdugong rehimeng Duterte.

Sinapit niya ang pamamaslang sa estilong Tokhang. Tulad ng SOP ng PNP sa brutal na gera kontra-droga, tinatakan ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA ang biktima nito na kasapi ng NPA at pinalalabas na ‘nanlaban’ sa mga engkwentro.

Ito ang modus sa kaso ni delos Santos na pinaslang noong Enero 31 sa Brgy. Happy Valley, Socorro, Oriental Mindoro sa labanang naganap sa pagitan ng pinagsamang tropa ng 76th IB at PNP-MIMAROPA at yunit ng NPA na kumikilos sa lugar. Nang makuha ang katawan ni delos Santos ay tinamnan ito ng baril ng AFP-PNP at pinagmukhang kaswalti ng Pulang hukbo sa naganap na labanan.

Walang konsensya ang AFP-PNP na pagkatapos pumatay ay nilalapastangan pa ang labi ng mga biktima sa pamamagitan ng paggamit sa mga ito sa itim na propaganda. Niyuyurakan nila ang karapatan at dignidad ng tao at nagdadagdag ng pasakit sa naiwang pamilya. DnB



# Amado Khaya Canham Rodriguez

2020 Agosto 4
Mindoro

***Salaysay ni Robyn Magalit Rodriguez, PhD, ina ni Amado (malayang salin):***

Siya ang bagong ninunong umugit ng isang panibagong landas at paraan ng pamumuhay. Siya ang matagumpay na kwentong ating ipagbubunyi. Siya ang sagisag ng sangkatauhan. Maging pag-ibig. Ibigin. Maging Amado.

Ipinanganak si Amado Khaya Canham Rodriguez sa Oakland, California sa Amerika noong ika-8 ng Mayo 1998. Ilang kontinente pa ang kailangang tawirin para maging posible ang pagsilang niya sa ating mundo. Si David Edward Canham, anak nina James Crawford at Amy Canham ay isang dayo mula sa South Africa sa United States kung saan ang mga ninuno ay nanggaling sa Transkei, ng Eastern Cape ng South Africa. Nagmula siya sa lahi ng mamamayang Mpondo Xhosa. Si Robyn Magalit Rodriguez naman ay ipinanganak at lumaki sa San Francisco Bay Area. Ang kanyang mga magulang na sina Ruben Agbulos Rodriguez at Daisy Magalit Rodriguez ay kapwa mga dayo galing sa Pilipinas kung saan mauugat ang mga ninuno sa mga probinsya ng Aklan, Capiz, Ilocos Norte at Pangasinan.

Sa simula pa lang, may katigasan na ang ulo ni Amado. Isang Taurus sa lahat ng aspeto. Dumaan sa mahigit 30 oras ang dinanas na hirap ng kanyang ina (na pinabilis ng isang dosis ng Pitocin!) para siya ay maisilang.

Napakamasayahin at makulit na bata ni Amado. Yaong mga nakakaalala ng kanyang kabataan ay hindi lamang siya maalala sa kanyang nakahahawang pagtawa kundi pati ang kanyang kakulitan. Bago pa man matutong maglakad, itutulak niya ang kanyang sarili sakay ng kanyang *walker* at ibabangga sa mga *cabinet* sa kusina. Kinailangan pa naming isaayos (*childproof*) at lagyan ng proteksyon ang lahat dahil natutunan niyang buksan ang mga ito at pagtatanggalin ang lahat ng laman—at muli, lahat ito ay bago pa siya natutong maglakad nang nagsasarili. Ang kanyang pagiging pilyo at mapagbiro ay patuloy niyang madadala at magiging bahagi na ng kanyang personalidad.

Tulad ng maraming bata, napakahilig ni Amado sa mga *superhero*. Noong tatlong taong gulang siya, habang naninirahan sa South Africa (makalipas ang ilang panahon ng paninirahan sa Pilipinas), paborito niya si Batman. Ginagamit niya ang anumang bagay para itali sa leeg at gawing kapa. Kalaunan, magiging paborito naman niya ang Power Rangers. Katunayan, ang kanyang mga *flying kick* sa ibabaw ng aming mga upuan sa aming tahanan sa Union City, CA ang naghudyat para pag-aralin siya ng *martial arts* noong apat na taong gulang pa lamang siya. Magiging mahusay siya rito at makukuha ang kanyang *black belt* sa edad na 11.

Gayunman, sa isang yugto ng kanyang buhay, huminto na si Amado sa pagpapanggap bilang isang *superhero* at nagsimulang isabuhay ang sa tingin niya'y gawain ng isang *superhero*. Sa *pre-school*, inorganisa niya ang kanyang mga kaibigan at hinikayat silang lumaban sa mga nambu-*bully* sa kanila sa palaruan, sinabihan niya ang mga ito na "Sabihin nyo sa kanila, 'itigil nyo yan! Ayaw ko ng ganyan!'" Hindi magtatagal, noong siya'y nasa Kinder na, bilang pagpapakita ng suporta sa isang kaibigang Indian na na-*bully*, nagsuot siya ng kurta na bigay ng mga kaibigan ng kanyang ina galing India para sa kanyang *school picture*. Kakainin niya rin ang maanghang na biryani na dala naman ng inang Pakistani ng kanyang kaibigan sa panahon ng Ramadan dahil ito ang pagkain ng pamilya ng kanyang kaibigan. Marahil ito ang naging simula ng kanyang pagiging labis na




magana sa pagkain. Habang nagbibinata, nagugulat kapwa ang kanyang mga kaibigan at kapamilya sa dami ng pagkaing kayang kainin ni Amado sa isang upuan lamang. Kaya niya itong ubusin! At kaya niyang kainin kahit anong pagkain na hindi kinakain ng iba tulad ng lengua, taba sa isang di masyadong lutong *ribeye steak*, babaganoush, at marami pang iba. Ang pagkain ang laging nagiging paraan ng pag-ugnay niya sa mga tao at kultura sa buong mundo. Pero kung saan niya inilalagay ang lahat ng pagkaing ito ang ipinagtataka ng marami. Nanatili siyang payat buong buhay niya.

Noong grade two si Amado, lumipat siya sa New Jersey. Katunayan, tumira siya sa isang kalyeng ipinangalan sa isang lokal na aktibistang lumalaban sa rasismo na si Vicki White (kilala rin bilang South 7th Avenue). Hindi lamang niya ipagpapatuloy ang kanyang pagsasanay sa *martial arts*, kundi mahihilig rin sa *soccer*. Kalaunan ay magiging isa si Amado sa mga susing manlalaro ng Highland Park Hawks, isang *soccer team* na binubuo pangunahin ng mga migrante at/o mga lalaking may kulay. Kaiba ang Hawks sa iba pang mga *soccer team* sa bayan at sa paligid ng Central Jersey.

Batid nila kung paano nagaganap ang di pagkakapantay-pantay ng mga lahi at ekonomya sa *soccer field*. Madalas silang tinutuya ng kanilang mga kalaban at ng magulang ng mga ito. Sa panahon ng eleksyong 2008, 10-taong gulang pa lamang, naglunsad si Amado at kanyang mga kaibigan ng kampanyang "Pagbabago para sa Pagbabago" na nanawagan sa kanilang komunidad na tipunin ang kanilang barya (*loose change*) bilang pagsuporta kay Barack Obama.

Bilang isang manlalaro, halimaw si Amado! Pinakamahusay siya sa *mid-field* sa kaliwa. Tuwang-tuwa ang lahat na panoorin siyang maglaro. Napakahusay niya. Hinamon niya

ang pinakamalalaking manlalaro sa kalabang *team* at makapangyarihan ang kanyang kaliwang paa. Kung gaano siya kagaling bilang indibidwal, alam niya rin paano maging isang mahusay na *team member*. Bilang isang *midfielder*, iyon ang kanyang tungkulin. Pero, kapag may bumubukang oportunidad tinatawid niya ang kabilang bahagi ng *field* para sumipa ng *goal shot*. Siyempre, lahat ng kanyang puntos ay ipagdiriwang nang masaya. Siya ang tipo ng manlalarong ginagawang maganda at kaiga-igayang panuorin ang *soccer*.

Matapos ang mayor na pagbabago sa buhay, bumalik si Amado sa San Francisco Bay Area sa panahon ng *middle school* at sa edad na 13 para manirahan sa kanyang lupang sinilangan, ang Oakland. Para mabigyan ng mas maraming suportang akademiko dahil si Amado ay na-*diagnose* ng *moderately severe hearing loss* (halos kawalan ng pandinig) sa parehong tenga sa edad na pito (nakadepende siya sa *hearing aid* buong buhay niya), kinailangan ni Amado na magkomyut patungo sa eskwelahan sa San Ramon, kung saan nakatira ang kanyang mga lolo at lola sa ina.

Marahil sa araw-araw na pagbyahe sa pagitan ng Oakland at San Ramon natamo ni Amado ang pag-aaral na magiging pinaka-makabuluhan sa huling bahagi ng kanyang buhay. Ang malinaw na di pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga syudad at kalapit bayan na nakita niya sa mga byaheng ito ang isang bagay na kanyang pag-iisipan at huhulma sa kanyang pakikipag-ugnayan at karanasan sa eskwelahan.

Kahit na inilalarawan siya bilang mapagtanong na bata na mahilig mag-aral noong *elementary*, naging kimi siya sa panahong nag-aaral sa California High School, kung saan malaking bahagi ay binubuo ng mga puti at mayayamang estudyante. Ang kanyang pagiging isang estudyanteng *biracial* Black na naninirahan sa Oakland ang naglayo sa kanya sa mga kapwa estudyante. Nakahanap siya ng bagong motibasyon sa eskwelahan sa pamamagitan ng koneksyon sa ilang gurong Black at pinagtuunan ng pansin ang pagrereaktiba sa Black Student Union sa pagsilang ng Black Lives Matter bilang tugon sa ginawang pagpaslang kay Trayvon Martin noong 2012. Pagkagradweyt, magpapatuloy ang paglahok niya sa Movement for Black Lives.

Malambing at mapagmahal na tao si Amado. Ang pisikal na ugnayan ang lenggwahe ng pagmamahal niya sa kanyang pamilya at mga kaibigan. Ang paglilingkod (*service*) ay isa ring mahalagang lenggwahe ng pagmamahal para sa kanya, laluna sa mga komunidad na kinabibilangan niya at yaong mga nakaugnay sa kanyang aktibismo. Hindi nakapagtatakang laging makitang niyayakap niya ang kanyang mga magulang, lolo at lola o sinumang parte ng kanyang pinalaking pamilya maging ang kanyang mga kaibigan. Madalas siyang humilig palapit sa tao, para mas marinig ang sinasabi, at pangunahin para ipakita ang kanyang pagkalinga. Ikinatutuwa ng matatandang kamag-anak na naglalaan si Amado ng panahon para sa kanila at matamang nakikinig sa kanilang mga kwento. Ikinagagalak nilang hindi siya nagmamadaling makipaglaro sa iba pang kapwa bata sa pamilya kundi gusto niyang higit na makipag-ugnayan sa kanila. Kahit na lumaking nag-

iisang anak sa malaking bahagi ng kanyang buhay, noong *high school* ay nabiyayaan siya ng isang kapatid na babae, si Solana (sa parte ng kanyang ama) at si Ezio (tinatawag na Zee Zee) sa parte ng kanyang ina. Gustung-gusto niyang kandungin ang mga kapatid, at ganundin ang mga ito sa kanya. Nang umalis siya patungong Pilipinas, pinaka-nasabik siya sa pagkandong at pagyakap sa kanyang mga kapatid.

Isang artista si Amado. Sa buong buhay niya, hindi siya nawalan ng hawak na *notebook* at Ticonderoga #2 *pencil* (at Ticonderoga lamang!). Ang kanyang mga *drawing* ang nagpapakita ng kanyang pinakamalalim na damdamin. Kapag tiningnan ang kanyang mga *drawing* mula pagkabata, para bang alam na niyang ilalaan niya ang huling mga buwan ng kanyang buhay sa pagsusulong ng katarungang panlipunan sa Pilipinas.

Kung gaano kakilala ng mga tao si Amado bilang isang masayahin at masarap kasama, kapag nakilala mo siya, matutuklasan mong may pinakikitunguhan siya sa kanyang *mental health* na nagsimula noong siya ay nasa *high school* hanggang sa maagang bahagi ng kanyang pagbibinata. May mga panahong kinakailangan niyang uminom ng gamot para mapayapa ang kanyang isip.



Sa unang pagkakita pa lamang kay Amado, laluna sa kanyang kabataan, maraming nagsasabing tahimik siya, medyo asiwa (*awkward*) at di mapalagay (*intense*). Hindi siya yung tipong magdodomina sa isang lugar sa pagpasok pa lamang. Taglay niya ang kumpyansang hindi kagyat na mapapansin. Kapag nakilala na si Amado, lilitaw ang kanyang kumpyansa. Mahusay siyang magsalita! At nagsasalita siya nang may matibay na paninindigan. Patuloy lamang siyang magsasalita kapag hinayaan siya, pero kalaunan matututunan niya rin ang kababaang-loob, laluna matapos makasalamuha ang mga pinaka-inaaping mamamayan sa kanyang komunidad sa Oakland at sa mga paglalakbay niya sa Pilipinas matutunan niya ang pakikibaka ng mga pinaka-pinagsasamantalahan sa Pilipinas. Nang nagsimula siyang manindigan bilang lider ng iba't ibang organisasyong bahagi siya, ang kanyang pagmamahal sa gawain ang magbibigay enerhiya at inspirasyon sa sinumang nakakasalamuha niya.

Magandang lalaki si Amado (hindi lamang dahil sa ang kanyang mga magulang ang nagsusulat nito). Taglay niya ang pinakamagandang hugis ng mga mata na may mahabang pilik-mata. Kayumangging kaligatan ang kanyang kulay. Tinatawag siyang "honey boy" ng kanyang mga magulang kapwa upang ilarawan ang magandang kulay ng kanyang balat at ang malambing at mapagmahal niyang katangian. Kahit mataas ang kumpyansa ni Amado, mistulang hindi nito alam kung gaano siya kaguwapo. Madali siyang lapitan.

Kung gaano katalas at kritikal si Amado sa panahong nagpasya siyang magtungo sa Pilipinas sa edad na 20, hindi siya naiiba sa mga katulad niyang kabataang nagbibinata. Nakapaglalaan siya ng ilang oras sa paglalaro ng Call of Duty (na malakas na sumisigaw sa kanyang *teammates* tungkol sa mga taktika at estratehiya). Kapag nagsimula na siya sa COD, maswerte na kung magagawa pa niyang makaligo. Sa pagwawalang bahala niya sa kanyang mga klase sa paaralan at sa kabilang banda ay paglalaan ng mahahabang oras sa gabi sa kanyang mga *video game*, matutulog na lamang si Amado, at sa maraming kaso ay lumiliban siya sa klase. Ilang beses kaming nakatanggap ng *truancy notices* dahil sa mababang *attendance*. Pero, matapos makagraduate sa *high school* noong 2016, nagbago ang lahat.

Sa loob ng humigit kumulang dalawang taon mula *graduation* niya sa *high school* hanggang sa tag-araw ng 2018 nang nagpasya si Amado na magtagal sa Pilipinas para tuwirang makipamuhay sa pinaka-maralitang mamamayan doon, marami siyang nagawang mabubuting bagay. Sa mga darating na buwan, kapag inilunsad namin ang paggunita sa kanya, marami kayong mababatid tungkol sa mga ito. Araw-araw mula nang maipabatid ang kanyang pagpanaw, nakatanggap kami ng maraming mensaheng naglalahad paano sila naantig ni Amado sa kanyang pag-oorganisa sa mga komunidad.

Isa sa marami niyang nakamit bilang isang aktibista noong nag-aaral pa siya sa Laney Community College sa Oakland (bukod sa gradong *straight* A sa kauna-unahang pagkakataon), ay ang pagiging isa sa mga pinakabatang lider na lumaban sa pagpasok ng malalaking negosyo at pabahay para sa mayayaman na magpapalayas naman sa mga

maralitang residente. Tumulong siya sa pagpapatigil sa pagtatayo ng A’s ballpark sa Peralta Community College Headquarters District, kung saan, para kay Amado at marami pang iba ay maglalantad sa marami pang pagpapalayas at dislokasyon ng mga maralita sa buong Oakland. Ayon sa kanyang dating propesor, mahalaga ang naging papel ni Amado sa pagtatagumpay ng kampanyang ito. Sa madaling salita, kung iisiping ang isang Lake Meritt "Karen" ay masama, isipin na lang kung anong mangyayari kung hindi ginampanan ni Amado ang kanyang papel? (Salamat, Oakland. Mabuti ang ginawa ng isa sa iyong mga anak)

Pumanaw si Amado Khaya Canham Rodriguez noong Agosto 4, 2020 sa isla ng Mindoro sa Pilipinas. *Septic shock* na resulta ng pagkalason at maaaring nagkaroon ng COVID-19 na naging sanhi ng kanyang kamatayan. Hindi nanaisin ni Amado na tumigil tayo mula roon. Sasabihin niyang kung namatay siya dahil sa pagkalason, ito'y dahil sa ang mamamayang Pilipino — laluna ang mga pambansang minorya — sa kabila ng sila'y mga tagapagmana ng mayaman at nagbibigay-buhay na mga lupain, ay kinukubabawan ngayon ng kapangyarihan ng mga lokal na panginoong maylupa at mga dayuhang kumpanyang umagaw sa mga lupaing ito.. At dahil wala silang maituturing na pag-aaring lupa, marami ang halos walang mapagkunan ng kanilang makakain. Sasabihin ni Amado na kung ang kanyang pagkamatay ay dahil sa COVID-19, ito'y dahil ang Pilipinas — at maging ang Estados Unidos kung saan siya isinilang — ay mayroong sistema ng kalusugan na inuuna ang tubò kaysa kapakanan ng mamamayan.

Sa ilang buwang nagdaan bago ang kanyang di-inaasahang kamatayan, nag-aral at nakipamuhay si Amado sa mga magsasaka at katutubong Mangyan sa isla ng Mindoro. Humanay siya kasama nila sa kanilang laban para sa kanilang lupain, kabuhayan at lupang ninuno. Nagsimula ang komitment ni Amado sa paggigiit ng hustisyang panlipunan sa kanyang pamumuno at paglahok sa Movement for Black Lives. Nagsimula siyang maging aktibo sa pakikiisa sa mamamayang Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa tunay na demokrasya sa Pilipinas. Dalawang taon na ang nakalilipas, sa edad na 20, nagpasya si Amado na ibayong isulong ang kanyang adbokasiya sa paninirahan at paggampan ng gawain sa Pilipinas.

Tunay na isinabuhay ni Amado Khaya Canham Rodriguez ang kanyang ngalan. Ang kanyang Pilipinong pangalang "Amado" ay nangangahulugang minamahal, at ang kanyang pangalang South African na "Khaya" ay nangangahulugang tahanan. Namatay siya sa gawain ng literal na pagtatayo ng mga tahanan para sa pinakamahihirap na mamamayang Pilipino. Bago ito ay ipinaglaban niya ang pananatili ng murang pabahay sa kanyang bayang sinilangan. At sa buong panahon, nagsikap siyang magtayo ng mga tahanan — isang komunidad — sa bawat araw sa pamamagitan ng malalim na pagmamahal sa kanyang pamilya at mga kaibigan. Maigsi man ang kanyang naging buhay, ginugol niya ito nang may kabuluhan. Si Amado ay nagsilbi bilang isang maningning na halimbawa ng isang uri ng karakter, isang uri ng komitment na labis na kailangan ng sangkatauhan.

# Salvador dela Cruz

## 2021 Hulyo 29
## So. Kawit, Brgy. Poblacion, Magsaysay, Occidental Mindoro

Si Salvador "Badoy" Dela Cruz, taga-Sityo Pugo, Brgy. Gapasan, ay kilalang lider magsasaka sa nasabing bayan. Madalas siyang dinudulugan ng problema sa lupa ng kapwa niya magsasaka. Kasama siya ng maraming magsasaka sa mga pagkilos para isulong ang kanilang karaingan at interes. Dahil dito tinarget at biktima siya ng paulit-ulit na *redtagging* ng pasistang sundalo't pulis. Bago siya paslangin, ilang ulit siyang binantaan ng mga operatiba ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA. Pilit nilang ipinaamin kay Badoy ang pagkakasangkot umano sa ambus na inilunsad ng NPA noong Mayo 28 sa So. Banban, Brgy. Nicolas.

Dahil malinaw kay Badoy na wala siyang nilalabag sa batas ay nanatili siya sa kanyang lugar kahit nagkampo na sa gitna ng kanilang sityo ang mga elemento ng 4th IB mula Hulyo 2021. Noong Hulyo 24, nagpaalam pa siya sa mga sundalo upang sumahod sa 4Ps. Sa araw ng pagsahod, nakita ng kanyang pamilya na sinundan na ang kanyang sinasakyang motor ng mga sundalo.

Pinaslang siya noong Hulyo 29, alas-2 ng hapon sa So. Kawit, Brgy. Poblacion, Magsaysay, Occidental Mindoro ng mga elemento ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA. Lulan ng motor si Badoy at ang isa niya pang kasama galing sa *payout* ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps nang harangan sila ng mga nakabonet na armadong kalalakihan. Pinababa ang dalawa sa kanilang motor at pinatakbo ang kasama ni Badoy para 'hindi na madamay'. Ilang segundo lamang ay pinagbabaril ng mga berdugo si Badoy na kaagad niyang ikinamatay. DnB



# Antonio Molina


## 2021 Nobyembre 18
## Palawan Provincial Jail, Puerto Princesa City, Palawan

Ang hindi makataong pagtrato sa lider-organisador at detinidong pulitikal na si Antonio Molina, 66, ang dahilan ng kanyang hindi napapanahong pagkamatay noong gabi ng Nobyembre 18. Nararapat na panagutin ang rehimeng Duterte, lokal na gubyerno ng Palawan, ang pasistang AFP-PNP at PPTF-ELCAC sa paglabag sa karapatan ni Molina bilang detinidong pulitikal alinsunod sa pandaigdigang makataong batas.

Si Molina ay may terminal na kanser sa bituka, altapresyon at nagdusa sa namamagang *lymph nodes*. Nakaranas siya ng labis na pananakit sa pag-ihi dahil sa sakit sa bato. Sa kabila nito, wala siyang natamong atensyong medikal at pinagkaitan pang matsek-ap ng kanyang doktor. Dahil dito, lalong lumubha ang kanyang kalagayan hanggang sa mamatay.

Kabilang si Molina sa Palawan 7 na dinakip ng AFP-PNP sa isang tsekpoynt sa Puerto Princesa City, Palawan noong Oktubre 4, 2019. Mula noon, ipiniit na sila sa Puerto Princesa City Jail at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso tulad ng *illegal possession of firearms and explosives*.

Malaon nang ipinapanawagan ng mga Palaweño at kaanak ni Molina ang agaran niyang pagpapalaya batay sa makataong dahilan subalit nagbingi-bingihan lamang ang rehimeng Duterte. Hindi kinikilala ng estado ang karapatan ng mga detinidong pulitikal at ang pandaigdigang makataong batas. Gayunman, ipagpapatuloy ang diwang palaban na ikinintal sa sambayanan ng mga detinidong pulitikal. Ang katawan lamang ni Molina ang piniit, subalit ang pakikibaka ng bayan ay magpapatuloy. DnB



# Leonardo Alcantara

2021 Disyembre 06
Abra de Ilog, Occidental Mindoro

Si Tatay Nardo Alcantara ay isang mapagmahal na ama, mapagmalasakit na lingkod-bayan, matapang na makabayan at matatag na rebolusyonaryo. Mapayapa siyang nagpaalam sa kanyang pamilya at taumbayan sa gitna ng patuloy na paghahanap niya ng kalutasan sa suliranin ng lipunan. Natapos ang kanyang pakikibaka sa karamdaman sa baga at puso noong ika-6 ng Disyembre sa ganap na alas-onse ng tanghali. Pangunahing naging dahilan ng kanyang *stroke* ang *pressure* ng kaaway sa kanya sa dalawang beses na pagpapatawag ng 76th IBPA para magpagamit si Tatay Nardo sa kanila. Sa edad na 87, ito na ang naging wakas ng mahigit isang dekada niyang marubdob na paglaban sa kumplikasyong dulot ng naturang karamdaman.

Gayong may iniindang sakit sa katawan, pinili niyang mamuhay sa bukid, sa piling ng mga magsasaka ng Lupang Lota na kinakamkaman ng lupa't panirikan ng lokal na pamahalaan. Kahit na ikabubuti sana niya ang magpahinga at magliwaliw sa kanyang komportableng tahanan sa sentrong bayan ng Abra de Ilog, mas pinili niyang subaybayan ang buhay at pakikibaka ng mga magsasakang nakararanas ng kaapihan. Sa huling mga taon niyang nabubuhay, inialay ni Tatay Nardo ang

kanyang lakas at talino upang maging talang gabay ng mga magsasaka sa Lupang Lota sa kanilang masalimuot na pakikibaka para sa lupa, panirahan at kabuhayan. Ngunit kulang ang mga salitang ito kung sisipatin ang kanyang mahabang karanasan sa pakikibaka sa mga maralitang magsasaka't manggagawang bukid, mga katutubo't tagalog sa bayan ng Abra de Ilog at sa Occidental Mindoro.

Si Tatay Nardo ang isa sa mga matatag na haligi ng kilusang bayan sa isla ng Mindoro. Mula noon hanggang sa kanyang pagtanda, hindi niya tinalikuran ni isang saglit ang uring magsasaka na kanyang pinagmulan. Siya ang isa sa mga matatag na namuno sa laban ng mga magsasaka at katutubong Iraya laban sa mga panginoong maylupang nang-aagaw sa kanilang lupain sa Lupang Lota, sa Kadilawan, Pambuhan, at Kabilugan sa Brgy. San Vicente; sa Lupang Samala sa Brgy. Wawa; sa Lupang Almeda sa Brgy. Cabacao; sa Lupang Villamin sa Brgy. Camurong; at iba pa.

Nang binansot ng bulok na dayong angkang pulitikal ang bayan ng Abra de Ilog, matapang na inilantad at nilabanan ni Tatay Nardo ang mga pwersang nagpasahol ng korupsyon at katiwalian sa dati nang naghihikahos na bayan. Bilang bise alkalde mula 2001-2010, naging kakampi siya ng Abraeño upang isulong ang mabuting pamamahala. Dinala niya ang mga karaingan ng masa sa lehislatura ng lokal na pamahalaan.

Nilabanan niya nang buong tapang ang mga dayong monopolista sa Abra de Ilog na kumontrol sa pulitika at ekonomiya ng bayan. Isinulong niya ang laban ng mga maralitang magpe-*pebbles* para sa pagtaas ng presyo ng *pebbles*. Iginiit din niya sa Sangguniang Bayan ang pagtaas ng sahod ng mga arawang manggagawang bukid at katutubong Iraya. Nakipaggitgitan din siya upang isulong ang laban ng mga maralitang mangingisda sa pangisdaan at baybayin ng Abra de Ilog.

Ipinaglaban din ni Tatay Nardo ang interes ng mga maliliit na negosyante laban sa monopolistang patakaran ng dayong angkang pulitikal. Buong tatag din niyang nilabanan ang operasyon ng iligal na droga nang may pagkalinga sa mga biktima. Hindi siya nangiming banggain ang sindikato ng iligal na droga lalo na't kapisan niya noon sa loob ng munisipyo ang ulo't pasimuno ng sindikatong operasyon nito hindi lamang sa Abra de Ilog kundi sa buong lalawigan.

Hindi rin naging tahimik si Tatay Nardo sa mga paglapastangan sa mga karapatang pantao ng mga sundalo't pulis. Matapang niyang ipinagtanggol ang mga magsasaka't katutubong Iraya kahit na katawan na mismo niya ang gamiting pangharang sa nakaumang na baril at nakaambang pang-aabuso ng mga pasista.

Naging sandigan din si Tatay Nardo ng paglaban ng mamamayan sa dayuhan at malalaking minahan at iba pang proyektong nakasisira sa kalikasan. Nasa unahan siya sa laban upang tutulan ang Agusan Petroleum Ltd. at Crew Minerals o Intex

Resources sa kasalukuyan. Naging bahagi siya ng makasaysayang *community research* upang ilatag ang siyentipikong batayan ng paglaban sa mga naturang pagmimina. Dinala niya, higit sa lahat, ang interes ng katutubong Iraya para sa karapatan sa sariling pagpapasya at lupang ninuno. Gayundin ang panawagan para sa seguridad sa pagkain at panirahan na lubhang sasalantain ng pagmimina at iba pang agresyong pangkalikasan.

Pinanatili ni Tatay Nardo ang simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka. Huwaran siya ng pagpapakumbaba habang nananatiling matatag sa prinsipyo sa harap ng mga kaaway sa uri. Dahil dito, may angking karisma si Tatay Nardo kahit sa hanay ng mga burukrata-kapitalista, mga progresibong pulitiko, at taktikal na alyado ng masa sa kanilang pakikibaka. Mula noong dekada 80 hanggang bago siya pumanaw, isa si Tatay Nardo sa haligi at personahe ng oposisyon sa Abra de Ilog at lalawigan. Dinala niya ang sulo ng di-mapagkompromisong pulitika ng masa, habang matalino niyang ginagamit ang mga aral ng taktikal na alyansa sa mga kaaway sa uri upang hakbang-hakbang na labanan ang sagadsaring seksyon nito batay sa lakas at kapasyahan ng masa. Tuwing halalan at mga mahalagang pihit ng takbo ng pulitika sa Abra de Ilog at sa lalawigan, hindi maaaring hindi konsultahin ang mahalagang opinyon ni Tatay Nardo. Madalas, kundi man lagi, tumutugma sa prediksyon ni Tatay ang aktwal na mga kaganapan sa burgis at reaksyunaryong pulitika sa lalawigan. Resulta ito ng kanyang mahabang karanasan at mahusay na pag-aaral ng takbo ng pulitika at pakikibaka sa Abra de Ilog at buong Occidental Mindoro.

Bilang tunay na progresibo sa loob ng lokal na pamahalaan, batid ni Tatay Nardo na hindi makakamit ang tunay na pagbabago sa pulitikang pinaghaharian ng mga malalaking negosyante't monopolista. Malalim ang pagkaunawa niya sa umaalingasaw na kabulukan ng mga kurap na trapo at ng mapagsamantala't mapang-aping sistemang kinakatawan nila. Araw-araw niya itong nalalanghap habang siya'y nanunungkulan bilang bise alkalde.

Dagdag pa, pinanatili ni Tatay Nardo sa tuwi-tuwina ang pagsuporta sa usapang pangkapayapaan upang lutasin ang kahirapang ugat ng armadong tunggalian sa bansa. Naging tulay siya sa mga diplomatikong pag-uusap ng dalawang gubyerno — ng gubyernong kinabilangan niya noon bilang bise alkalde, at ng isa pang gubyernong itinatayo ng masa sa kanayunan. Kahit na lagi't laging tinatraydor ang mga pagsisikap na ito sa pagpapadeploy ng mga Montenegro ng RMG at sundalo ng 16IB, 80IB, at 76IB sa Abra de Ilog, matapang na hinarap ni Tatay Nardo ang mga banta sa kanyang buhay. Hanggang nitong huli lamang, pataksil na sinusuyo ng mataas na opisyal ng 76IB si Tatay Nardo upang isuko umano nito ang mga impormasyon upang matunton ang tagapagsalita ng NPA sa isla ng Mindoro. Ngunit nanatiling tapat si Tatay sa adhikain ng usapang pangkapayapaan, hindi sa pagtataksil sa prosesong ito.

Sa katunayan, mahusay din niyang iminulat at kinabig ang mga sundalo't pulis na ginagawang instrumento lamang ng mga nakaupong upisyal ng bayan upang maprotektahan ang kanilang kapit sa negosyo at kapangyarihan. Hanggang sa huli, matatag na nanindigan si Tatay Nardo sa prinsipyo't tunguhin ng kapayapaang nakabatay sa hustisya.

Huwaran ding asawa at ama si Tatay Nardo sa kanyang sariling pamilya. Sa gitna ng hirap ng buhay, walang pagod din niyang itinaguyod at pinag-aral ang kanyang mga anak. Tiniyak niyang may mapapagsaluhan sila sa hapag-kainan sa araw-araw. Minamahal siya ng kanyang mga anak at apo dahil hindi nagmamaliw ang kanyang kabutihan, pag-aaruga at pagmamahal sa kanila. Naging matatag at sinsero ang pagmamahalan nila ng kanyang kabiyak—ika nga, sa hirap at ginhawa, hanggang sa mauna na ngang pumanaw ito noong 2016. Higit sa lahat, hindi siya naging maramot sa pagmumulat sa kanyang sariling pamilya, kaya sila mismo ay sumusuporta at naging bahagi sa iba't ibang kaparaanan sa pakikibaka ng masa.

Sa kabila ng mga tagumpay na nakamit ng mayaman niyang karanasan sa pakikibaka sa loob at labas ng lokal na pamahalaan, malalaki pa ang naiwang mga pagsubok ni Tatay Nardo sa atin. Hanggang sa ngayon, kahit sa kanilang paghihingalo ay kapit-tuko pa rin sa kapangyarihan ang mga dayong naghahari-harian sa Abra de Ilog. Sa kabilang banda nama'y hindi pa nabubungkal ang makapangyarihang pwersa ng oposisyon upang maging malakas na sandigan ng masa sa pagtibag ng pulitikal na dinastiyang nagpahirap sa bayan sa loob ng nakaraang tatlong dekada.

Nananatili pa ring hikahos ang mga Abraeño. Bumulusok pa ang antas ng ating pamumuhay dahil sa palpak at batbat-ng-korupsyong tugon sa pandemya. Nananatili pa ring kontrolado ng dayong angkang pulitikal ang takbo ng pamumuhay sa bayan ng Abra de Ilog. Pinagpapasasaan nila ang kaban ng bayan, habang kontrolado nila ang buong burukrasya kasabwat ang kanilang mga aso sa Sangguniang Bayan at sa mga barangay. Nakapwesto pa rin sa mga kaswal na posisyon sa munisipyo ang kanilang mga galamay. Ang masahol pa'y tinatangka na rin nilang hawakan ang pamprobinsyang posisyon upang mapalakas ang kapit sa kapangyarihan.

Patuloy nating pag-alabin ang katapangan at pagmamahal sa bayan ni Tatay Nardo para sa Abra de Ilog at sa buong lalawigan ng Occidental Mindoro. Hawakan natin ang mga leksyon na itinuro ng kanyang buhay at pakikibaka. Walang ibang pinakamahusay na pagkakataon upang magkamit ng ibayong tagumpay sa ating mga nasimulan na kundi ngayon.

Ngayon na ang panahon upang bawiin natin ang nararapat para sa bawat Abraeño - tapat na pamamahala, pagkain sa ating hapag, lupang mabubungkal, panirahan, nakabubuhay na trabaho para sa lahat, tunay na kalayaan at demokrasya. *DnB*

# Roberto Hallig

## 2022 Abril 25
## Brgy. Iriron, Calintaan, Occidental Mindoro

Si Roberto Hallig ay isang sibilyang bumisita sa isang yunit ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro at namatay sa proseso ng pagtatanggol. Magiting siyang lumaban hindi lamang para iligtas ang kanyang sarili kundi para sa mga kasama at masa. Kahanga-hanga ang ipinamalas niyang katapangan sa harap ng sumasalakay na kaaway. Napaslang siya sa isang labanan sa pagitan ng isang yunit ng NPA at AFP noong Abril 25, 2022 sa Brgy. Iriron, Calintaan, Occidental Mindoro.

Ang kanyang panahon sa pakikibaka ng kilusang magsasaka ay hindi na din matatawaran, kung saan halos magtatatlong dekada na siyang buong panahong nagsilbi sa hanay ng mga magsasaka at pambansang minorya sa Mindoro mula 1989 hanggang 2018.

Ilang beses ding matapang na hinarap ni G. Hallig ang pagdakip sa kanya ng mga sundalo. Sa unang pagkakataon na iligal siyang inaresto ay mapangahas siyang nakatakas

sa kamay ng kaaway. Sa ikalawang pagkakataon naman ay dumanas siya ng matinding tortyur at pagpapahirap mula sa kaaway, saka siya ibininbin nang isang buwan bago pinalaya.

Kilala si G. Hallig bilang magiit sa kanyang ideya at naninindigan. Oras na hinawakan niya ang kanyang tungkulin at responsibilidad ay sisikapin niya itong magampanan sa abot ng kanyang makakaya.

Mapagmahal siya sa kanyang asawa, hindi pyudal ang kanilang relasyon at mataas ang pagrespeto niya sa kababaihan.

Gayundin, mapagmahal at maalalahanin din siya sa mga masa. Pinanday na niya ang kanyang sarili sa mahabang panahon ng paglubog sa masa. Tumutulong din siya sa paghuhubog sa kaisipan ng iba pa niyang mga kasamahan upang maging mabuti at responsableng lider ng masang magsasaka. Taglay niya ang di magagaping diwa at marami pang mga bagay ang matututunan at dapat tularan sa kanya.

Hindi matatawaran ang dakilang ambag ni G. Hallig. Nagngangalit ang buong sambayanan sa kasalukuyang kalagayan at handang isulong ng mga iniwanan niya ang pakikibakang inilunsad niya hanggang sa tagumpay. DnB

# Manuelito Matricio

2022 Hunyo
Mamburao, Occidental Mindoro

Si Matricio ang *founding chairman* ng SAMA KAMI (KANLURANG MINDORO FARMER'S ASSOCIATION) mula 1992 na aktibo sa laban sa lupang inaangkin ng panginoong maylupang Quintos. Siya rin ang presidente ng KAMIFC, isang kooperatiba sa kanilang lugar sa Mamburao.

Iligal siyang inaresto ng estado at ikinulong mula 1998, kasama ang anim pang magsasaka ng Mamburao na tinaguriang Mamburao 7 sa kaso ng pagpatay sa magkapatid na Quintos na hindi naman nila ginawa. Biktima sila ng napabagal na usad ng bulok na hustisya sa bansa at halos dalawang dekadang nakulong sa krimeng hindi naman nila ginawa hanggang makalaya noong 2016. Matapos makalaya, nagkasakit siya ng *hepatitis* na tinatayang isang sakit na nakuha niya sa matagal na pagkakakulong. Ito ang dahilan ng kanyang pagkasawi noong Hunyo 2022. DnB

*Ang mga karagdagang impormasyon at kontribusyon hinggil sa mga martir na hindi nasaklaw ng librong ito ay maaaring ipadala sa mga sumusunod na email address:*


*balikwastk.wordpress.com*
*st.kalatas@gmail.com*
*dagundong.tk@gmail.com*

***PALIMBAGANG PULANG SILANGAN***

Timog Katagalugan
2023